

A
20
15
Ω

# PANGTAHANANG PAGDIRIWANG NG MGA MAHAL NA ARAW AT NG PAGPAPAKASAKIT, KAMATAYAN AT MULING PAGKABUHAY NG PANGINOON PARA SA MGA PAMILYA

Nais naming ihandog ang mga pagdiriwang na pangtahanan ng mga Mahal na Araw at Banal na Triduo. May dalawang maaring pagpilian:

a. mga mungkahing gagawin ng pamilya na susubaybay sa live steam ng mga pagdiriwang;
b. mga panalangin na pamumunuan ng pinuno ng pamilya ayon sa Pagdiriwang ng Banal na Triduong Pampaskuwa Kapag Walang Pari.

Babalik tayo sa karanasan ng simbahan na nagtitipon ang mga Kristiyano sa mga tahanan para sumamba. Napakagandang pagkakataon nito na himukin ang mga pamilya na magdasal nang samasama.

Sa inyong mga tahanan, makiisa sa mga pagdiriwang sa pakikikinig, pagsagot, pag-awit, pagkilos, pagninilay at pagtahimik. Makaktulong na maghanda ng altar na may krus at kandila.

## Linggo ng Palaspas

1. Habang binibigkas ang panalangin sa Pagbabasbas ng mga Palaspas, hawakan ang palaspas o kahit anong dahon.
2. Pakinggan at pagnilayan ang ebanghelyo tungol sa pagpapakasakit at kamatayan ni Hesus. Magbahagi ng mga pagninilay bilang isang pamilya.
3. Sa mga parokya na ililibot ng Banal na Sakramento, hawakan ang palaspas o anumang tangkay na may dahon bilang pagbubunyi kay Hesus.

## Misa ng Hapunan ng Panginoon (Huwebes Santo)

1. Pagkatapos ng pagdiriwang, maaring hugasan ng tatay o nanay ang paa ng mga anak at iba pang kasama sa bahay.

2. Maaring tipunin ang mga handog na bunga ng pagtitika sa panahon ng Kuwaresma. Mangyaring ipadala ito sa parokya o sa anumang charitable institution. Maari ring humanap ng matutulungang dukhang pamilya sa pamayanan.
3. Ang Visita Iglesia sa taong ito ay gagawin sa pamamagitan ng paglibot ng Banal na Sakramento.

## Pagidirwang ng Pagpapakasakit ng Panginoon (Biyernes Santos)

1. Pakinggan at pagnilayan ang ebanghelyo tungol sa pagpapakasakit at kamatayan ni Hesus. Magbahagi ng mga pagninilay bilang isang pamilya.
2. Sa oras ng pagpaparangal sa Banal na Krus, maaring halikan ng mga miyembro ng pamilya ang krus sa tahanan.
3. Dasalin ang Daan ng Krus bilang pamilya.

## Sabado Santo

1. Tipunin ang pamilya at magdasal ng Panalangin sa Umaga na tila nagtatanod sa libingan ni Hesus.
2. Panatilihin ang katahimikan at pagninilay habang hinihintay ang Pasko ng Muling Pagkabuhay.

## Magdamagang Pagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay ng Panginoon

1. Maghanda ng kandila upang maging Kandila ng Muling Pagkabuhay ng pamilya. Paalala ito ng tagumpay ni Hesus sa kahit anong krisis o kasamaan.
2. Sariwain ang mga Pangako sa Binyag. Krusan ang noo ng bawat isa pagkatapos bilang paalala ng Binyag.
3. Mag salu-salo sa hapag kainan bilang isang pamilya.

## Pasko ng Pagkabuhay ng Panginoon.

1. Sindihan ang Kandila ng Muling Pagkabuhay ng Pamilya.
2. Sariwain ang mga Pangako sa Binyag. Krusan ang noo ng bawat isa pagkatapos bilang paalala ng Binyag.
3. Sa oras ng paglibot ng Banal na Sakramento, idungaw sa inyong bintana o pintuan ang imahen ng Mahal na Birhen bilang pagsalubong sa Muling Nabuhay na Kristo.

# LINGGO NG PALASPAS
# SA PAGPAPAKASAKIT NG PANGINOON

Ngayon ipinagdiriwang ng Simbahan ang Pagpasok ni Kristo sa Jerusalem upang ganapin ang misteryo ng Pasko ng Pagpapakasakit at Pagkabuhay na Muli.

Sa itinakdang sandali, magtitipon ang mga kasapi ng pamilya na may hawak na mga palaspas o kahit anong tangkay na may dahon. Pamumunuan ng puno ng sambahayan ang pananalangin.

**Sa ngalan ng Ama,**
**at ng Anak, at ng Espiritu Santo.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

Ang puno ng sambahayan ay magbibigay ng maikling pambungad na paliwanag bilang paanyaya sa lahat upang ganap na makiisa sa pagdiriwang. Maaari niyang gamitin ang mga sumusunod o anumang katumbas na pangungusap.

**Mga minamahal na kapatid,**
**limang linggo na tayong naghahanda ng sariIi**
**para sa pagdiriwang ng Pasko ng Pagpapakasakit**
**at Pagkabuhay ng Panginoon.**
**Sinikap nating unawain at tuparin**
**ang ating pananagutan sa Diyos at sa kapwa tao**
**alinsunod sa araI at halimbawa ni Hesukristo.**

**Kaisa ng buong Simbahan,**
**sinisimulan natin ngayon ang mga Mahal na Araw.**
**Si Kristo ay matagumpay na pumasok**
**sa kanyang lungsod upang tuparin**
**ang kanyang gawain bilang Mesiyas:**
**ang magpakasakit, mamatay, at muling mabuhay**
**para sa ating kaligtasan.**

**Taimtim nating sariwain sa alaala**
**ang kanyang pag-aalay ng sarili para sa kapwa**
**at sundan natin siya**
**nang may buhay na pananampalataya.**
**Kaisa niya sa pagdurusa sa krus,**
**tayo nawa ay makahati niya**
**sa kanyang pananaig sa kamatayan**
**at sa kanyang bagong buhay.**

## PANALANGIN NG PAGBABASBAS NG MGA PALASPAS

Matapos nito, ang puno ng sambahayan ay mananalangin na magkadaop ang kamay:

**Manalangin tayo.**

Tahimik na mananalangin nang saglit.

**Ama naming makapangyarihan,**
**ang mga palaspas na ito**
**ay iyong pagpalain at pabanalin**
**upang sa masaya naming pagbubunyi**
**sa Mesiyas na aming Hari**
**siya'y aming masundan**
**at sa pamamagitan niya'y aming sapitin**
**ang hindi magmamaliw na lungsod ng Jerusalem**
**na kanyang pinaghaharian**
**kasama mo at ng Espiritu Santo**
**magpasawalang hanggan.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

O kaya:

**Ama naming makapangyarihan,**
**pag-alabin mo ang pananampalataya**
**ng mga nananalig sa iyo**
**at ang mga kahilingan namin ay paunlakan mo**
**upang kaming may mga sanga ng palaspas**
**bilang parangal sa inaning tagumpay ni Kristo**
**ay mamunga para sa iyo**
**sa pakikiisa namin sa kanyang mabubuting gawain**
**kasama ng Espiritu Santo**
**magpasawalang hanggan.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

## PANALANGING PAMBUNGAD

Pangungunahan ng puno ng sambahayan ang pambungad na panalangin.

**Manalangin tayo.**

Tahimik na mananalangin nang saglit.

**Ama naming makapangyarihan,**
**ginawa mong halimbawang dapat tularan**
**ang Tagapagligtas naming naging di iba sa amin**
**para ang krus namin ay akuin.**
**Pagindapatin mong sa mga pagdiriwang ay aming kamtin**
**ang kanyang ulirang pagkamatiisin**
**at ang pakikisalo sa pagkabuhay niyang maningning**
**sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo**
**magpasawalang hanggan.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

# PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

## AWIT-PAMBUNGAD SA MABUTING BALITA — Filipos 2:8-9

Masunuring Kristo Hesus
naghain ng buhay sa krus,
kaya't dinakila ng D'yos
binigyan ng ngalang tampok
sa langit at sansinukob.

## ANG PAGPAPAKASAKIT NG PANGINOON — Mateo 26:14—27:66

Ang pagpapakasakit ng Panginoon ay ipahahayag. Ang iba't ibang kasapi ng pamilya ay maaring maging tagapagpahayag ng mga bahagi ng pagbasa.

Puno ng sambahayan:

**Mga kapatid halina't pakinggan**
**ang Pagpapakasakit ng ating Panginoong Hesuskristo**
**ayon kay San Mateo**

Tagapagsalaysay: **Noong panahong iyon:**
**Si Judas Iscariote, isa sa labindalawa,**
**ay nakipagkita sa mga punong saserdote.**

Hudas: **"Ano po ang ibibigay ninyo sa akin**
**kung tulungan ko kayong madakip si Hesus?"**

Tagapagsalaysay: **tanong niya.**

**Noon din ay binilangan nila siya**
**ng tatlumpung salaping pilak.**
**Mula noon, humanap na si Judas ng pagkakataon**
**upang maipagkanulo si Hesus.**

Dumating ang unang araw
ng Kapistahan ng Tinapay na Walang Lebadura.
Lumapit kay Hesus ang mga alagad at nagtanong,

Alagad: “Saan po ninyo ibig na ipaghanda namin kayo
ng Hapunang Pampaskuwa?”

Tagapagsalaysay: Sumagot siya,

Hesus: “Pumunta kayo sa lungsod
at hanapin ninyo ang taong ito.
Sabihin sa kanyang ganito ang ipinasasabi ng Guro:
‘Malapit na ang aking oras.
Ako at ang mga alagad ko’y sa bahay mo kakain
ng Hapunang Pampaskuwa.’“

Tagapagsalaysay: Sinunod ng mga alagad ang utos ni Hesus,
at inihanda nila ang Hapunang Pampaskuwa.

Nang gabing yaon, dumulog sa hapag si Hesus,
kasama ang labindalawang alagad.
Samantalang sila’y kumakain, nangusap si Hesus,

Hesus: “Sinasabi ko: isa sa inyo ang magkakanulo sa akin.”

Tagapagsalaysay: Nanlumo ang mga alagad,
at isa’t isa’y nagtanong sa kanya,

Alagad: “Ako po ba, Panginoon?”

Tagapagsalaysay: Sumagot siya,

Hesus: “Ang kasabay kong sumawsaw sa mangkok
ang siyang magkakanulo sa akin.
Papanaw ang Anak ng Tao, ayon sa nasusulat,
nguni’t sa aba ng magkakanulo sa kanya!
Mabuti pang hindi na ipinanganak ang taong iyon.”

Tagapagsalaysay: **Si Judas, na magkakanulo sa kanya, ay nagtanong din,**

Hudas: **"Guro, ako po ba?"**

Tagapagsalaysay: **Sumagot si Hesus,**

Hesus: **"Ikaw na ang nagsabi."**

Tagapagsalaysay: **Samantalang sila'y kumakain,<br>dumampot ng tinapay si Hesus,<br>at matapos na magpasalamat sa Diyos,<br>kanyang pinaghati-hati at ibinigay sa mga alagad.**

Hesus: **"Kunin ninyo ito at kanin; ito ang aking katawan,"**

Tagapagsalaysay: **wika niya.<br>Hinawakan niya ang kalis,<br>nagpasalamat sa Diyos at ibinigay sa kanila.**

Hesus: **"Uminom kayong lahat nito,"**

Tagapagsalaysay: **sabi niya.**

Hesus: **"Sapagkat ito ang dugo ng tipan,<br>ang aking dugo na mabubuhos dahil sa marami,<br>sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan.<br>Sinasabi ko sa inyo na hindi na ako iinom<br>nitong alak na mula sa ubas<br>hanggang sa araw na ang bagong alak<br>ay inumin kong kasalo kayo sa kaharian ng aking Ama."**

Tagapagsalaysay: **At pagkaawit ng isang imno,<br>sila'y nagpunta sa Bundok ng mga Olibo.<br>Sinabi ni Hesus sa kanila,**

Hesus: **"Sa gabing ito, ako'y iiwan ninyong lahat,<br>gaya ng nasasaad sa Kasulatan,<br>'Papatayin ko ang pastol,<br>at mangangalat ang mga tupa.'<br>Nguni't pagkatapos na ako'y muling mabuhay,<br>mauuna ako sa inyo sa Galilea."**

| | |
|---|---|
| Tagapagsalaysay: | Sumagot si Pedro, |
| Pedro: | “Kahit na po iwan kayo ng lahat, hindi ko kayo iiwan.” |
| Hesus: | “Tandaan mo, |
| Tagapagsalaysay: | sabi ni Hesus, |
| Hesus: | sa gabi ring ito, bago tumilaok ang manok,<br>makatatlo mo akong itatatwa.” |
| Tagapagsalaysay: | Ngunit matigas na sinabi ni Pedro, |
| Pedro: | “Kahit na ako pataying kasama ninyo,<br>hindi ko kayo itatatwa.” |
| Tagapagsalaysay: | Gayon din ang sinabi ng lahat ng alagad.<br>At isinama sila ni Hesus sa isang lugar<br>na tinatawag na Getsemani.<br>Sinabi niya sa kanyang mga alagad, |
| Hesus: | “Dito muna kayo; mananalangin ako sa dako roon.” |
| Tagapagsalaysay: | Ngunit isinama niya si Pedro<br>at ang dalawang anak ni Zebedeo.<br>At nagsimulang mabagabag<br>at maghirap ang kanyang kalooban.<br>Sinabi niya sa kanila, |
| Hesus: | “Ang puso ko’y tigib ng hapis na halos ikamatay ko!<br>Maghintay kayo rito at makipagpuyat sa akin!” |
| Tagapagsalaysay: | Pagkalayo nang kaunti,<br>nagpatirapa siya at nanalangin: |
| Hesus: | “Ama ko, kung maaari’y ilayo mo sa akin<br>ang kalis ng paghihirap na ito.<br>Gayunman, huwag ang kalooban ko<br>kundi ang kalooban mo ang mangyari.“ |

Tagapagsalaysay: Nagbalik siya
at dinatnan niyang natutulog ang tatlong alagad.
Sinabi niya kay Pedro,

Hesus: "Talaga bang hindi kayo makapagpuyat
na kasama ko kahit isang oras man lamang?
Magpuyat kayo at manalangin
upang huwag kayong madaig ng tukso.
Ang espiritu'y nakahanda nguni't mahina ang laman."

Tagapagsalaysay: Muli siyang lumayo at nanalangin:

Hesus: "Ama ko, kung hindi maiaalis ang kalis na ito
nang hindi ko iinumin, mangyari ang iyong kalooban."

Tagapagsalaysay: Muli siyang nagbalik
at dinatnan na naman niya silang natutulog,
sapagkat sila'y antok na antok.

Iniwan niya uli ang tatlong alagad
at muli siyang nanalangin, at iyon din ang sinabi.
Nagbalik na naman siya sa mga alagad
at sinabi sa kanila,

Hesus: "Natutulog pa ba kayo at nagpapahinga?
Dumating na ang oras na ipagkakanulo
ang Anak ng Tao sa mga makasalanan.
Tayo na! Narito na ang magkakanulo sa akin."

Tagapagsalaysay: Nagsasalita pa si Hesus nang dumating si Judas,
isa sa Labindalawa.
May kasama siyang maraming tao
na may dalang mga tabak at mga pamalo;
galing sila sa mga punong saserdote
at sa matatanda ng bayan.
Bago pa sila dumating doon,
ibinigay na ng taksil ang ganitong hudyat:

Hudas: "Ang hagkan ko ang siya nating pakay.
Dakpin ninyo agad!"

Tagapagsalaysay: **Kaya't nilapitan ni Judas si Hesus at binati,**

Hudas: **"Magandang gabi po, Guro!"**

Tagapagsalaysay: **saka hinagkan. Sinabi sa kanya ni Hesus,**

Hesus: **"Kaibigan, gawin mo na ang sadya mo."**

Tagapagsalaysay: **At nilapitan siya ng mga tao at dinakip.**
**Nagbunot ng tabak ang isa sa mga kasama ni Hesus.**
**Tinaga niya ang alipin ng pinakapunong saserdote,**
**at natigpas ang tainga niyon.**
**Sinabi ni Hesus,**

Hesus: **"Isalong mo ang iyong tabak!**
**Ang gumagamit ng tabak ay sa tabak mamamatay.**
**Hindi mo ba alam na makahihingi ako sa aking Ama**
**nang higit pa sa labindalawang batalyon**
**ng mga anghel at padadalhan niya ako agad?**
**Nguni't paanong matutupad**
**ang mga Kasulatang nagsasabi**
**na ito'y dapat mangyari?"**

Tagapagsalaysay: **At binalingan niya ang mga tao at sinabi,**

Hesus: **"Ako ba'y tulisan at naparito**
**kayong may mga tabak at mga pamalo**
**para dakpin ako?**
**Araw-araw, ako'y nagtuturo sa templo,**
**at hindi ninyo ako dinakip.**
**Nguni't nangyaring lahat ito**
**upang matupad ang sinulat ng mga propeta."**

Tagapagsalaysay: **Tumakas ang mga alagad at iniwan siyang mag-isa.**
**Dinala si Hesus ng mga dumakip sa kanya**
**sa bahay ni Caifas, ang pinakapunong saserdote;**
**doo'y nagkakatipon ang mga eskriba**
**at ang matatanda ng bayan.**

Sumunod sa kanya si Pedro,
ngunit malayo ang agwat nila.
Pagdating sa tahanan ng pinakapunong saserdote,
pumasok siya sa patyo
at naupong kasama ng mga bantay
upang makita kung ano ang mangyayari.

Naghahanap naman ang mga punong saserdote
at ang buong Sanedrin
ng saksing magsisinungaling laban kay Hesus,
upang maipapatay siya.
Ngunit wala silang matagpuan,
bagamat maraming humarap at nagsabi
ng kabulaanan tungkol sa kanya.
Sa wakas, may dalawang humarap at nagsabi,

Taong-Bayan: “Sinabi ng taong ito na gigibain niya ang templo
at muling itatayo sa loob ng tatlong araw.”

Tagapagsalaysay: Tumindig ang pinakapunong saserdote
at sinabi kay Hesus,

Saserdote: “Wala ka bang maisasagot sa paratang na ito sa iyo?”

Tagapagsalaysay: Ngunit hindi umimik si Hesus.
At sinabi sa kanya ng pinakapunong saserdote,

Saserdote: “Iniuutos ko sa iyo:
sabihin mo sa amin, sa ngalan ng Diyos na buhay,
kung ikaw ang Mesiyas, ang Anak ng Diyos.”

Tagapagsalaysay: Sumagot si Hesus,

Hesus: “Kayo na ang nagsabi.
Ngunit sinasabi ko sa inyo:
Mula ngayon ay makikita ninyo ang Anak ng Tao
na nakaupo sa kanan ng Makapangyarihan,
at dumarating na nasa alapaap ng langit!“

Tagapagsalaysay: Nang marinig ito ng pinakapunong saserdote,
winasak niya ang sariling kasuotan at sinabi,

Saserdote: "Ito'y kalapastanganan sa Diyos!
Hindi na natin kailangan ang mga saksi.
Narinig ninyo ang kanyang paglapastangan sa Diyos!
Ano sa palagay ninyo?"

Tagapagsalaysay: Sumagot sila,

Taong-Bayan: "Dapat siyang mamatay!"

Tagapagsalaysay: Siya'y niluran nila sa mukha at pinagsusuntok.
Sinampal naman siya ng iba at ang sabi,

Sundalo: "Kristo, hulaan mo nga kung sino
ang sumampal sa iyo!"

Tagapagsalaysay: Samantala, si Pedro'y nakaupo sa patyo.
Nilapitan siya ng isang alilang babae at ang sabi,

Babae: "Kasama ka rin ni Hesus na taga-Galilea, hindi ba?"

Tagapagsalaysay: Ngunit itinanggi niya ito sa harapan ng lahat.

Pedro: "Wala akong nalalaman sa sinasabi mo,"

Tagapagsalaysay: sagot niya.
Pumunta sa may pintuan si Pedro.
Nakita siya ng isa pang alilang babae,
at sinabi sa mga naroon,

Babae: "Ang lalaking ito'y kasama ni Hesus na taga-Nazaret."

Tagapagsalaysay: Muli siyang tumanggi:

Pedro: "Isinusumpa ko, hindi ko nakikilala ang taong iyan."

Tagapagsalaysay: Mayamaya'y lumapit kay Pedro ng mga naroon.
Sinabi nila,

Taong-Bayan: "Isa ka nga sa kanila. Nakikilala sa iyong pagsasalita."

Pedro: "Mamatay man ako,
talagang hindi ko nakikilala ang taong iyan,"

Tagapagsalaysay: sagot ni Pedro.
Siya namang pagtilaok ng manok.
At naalaala ni Pedro ang sabi ni Hesus,
"Bago tumilaok ang manok,
makatatlo mo akong itatatwa."

Lumabas siya at nanangis nang buong kapaitan.
Kinaumagahan, nagpulong ang mga punong saserdote
at ang mga matatanda ng bayan
kung paano maipapapatay si Hesus.
Iginapos nila siya at dinala kay Gobernador Pilato.

Nang makita ni Judas
na si Hesus ay hinatulang mamatay,
nagsisi siya at isinauli sa mga punong saserdote
at sa matatanda ng bayan
ang tatlumpung salaping pilak.
Sinabi niya,

Hudas: "Nagkasala ako!
Ipinagkanulo ko ang taong walang sala."

Saserdote: "Ano ang pakialam namin? Bahala ka!"

Tagapagsalaysay: sagot nila.
Inihagis ni Judas ang mga salaping pilak
sa loob ng templo saka siya umalis at nagbigti.
Pinulot ng mga punong saserdote
ang mga salaping pilak.
Sinabi nila,





Saserdote: "Labag sa Kautusan na ilagay ang salaping ito
sa kabang-yaman ng templo.
Ito'y kabayaran sa buhay ng isang tao."

Tagapagsalaysay: Nagkaisa sila na ang salapi ay ibayad
sa bukid ng magpapalayok
upang gawing libingan ng mga dayuhan.
Kaya ang bukid na iyon
ay tinawag na "Bukid ng Dugo"
hanggang sa panahong ito.

Sa ganitong paraan
natupad ang sinabi ni Propeta Jeremias:
"Kinuha nila ang tatlumpung salaping pilak,
ang inihalaga sa kanya ng mga Israelita,
at ibinayad sa bukid ng magpapalayok,
ayon sa iniutos sa akin ng Panginoon."

Iniharap si Hesus sa gobernador.

Pilato: "Ikaw ba ang Hari ng mga Judio?"

Tagapagsalaysay: tanong sa kanya ng gobernador.
Sumagot si Hesus,

Hesus: "Kayo na ang nagsasabi."

Tagapagsalaysay: Ngunit nang paratangan siya
ng mga punong saserdote at ng matatanda ng bayan,
hindi na siya sumagot.
Kaya't sinabi sa kanya ni Pilato,

Pilato: "Hindi mo ba naririnig
ang mga ipinararatang nila sa iyo?"

Tagapagsalaysay: Ngunit hindi sumagot si Hesus gaputok man,
kaya't nagtaka ang gobernador.
Tuwing Pista ng Paskuwa,
kinaugalian na ng gobernador
ang magpalaya ng isang bilanggo
—sinumang mahiling ng taong-bayan.

Noon ay may isang kilalang bilanggo
na nagngangalang Barrabas.
Kaya't nang magkatipon ang mga tao,
tinanong sila ni Pilato,

Pilato: "Sino ang ibig ninyong palayain ko,
si Barrabas o si Hesus na tinatawag na Kristo?"

Tagapagsalaysay: Alam ni Pilato na inggit ang nag-udyok sa kanila
na dalhin sa kanya si Hesus.

Hindi lamang iyan.
Samantalang siya'y nakaluklok sa hukuman,
nagpasabi sa kanya ang kanyang asawa,

Babae: "Huwag kang makialam sa taong iyan
na walang kasalanan,
sapagkat kagabi'y pinahirapan ako
ng aking panaginip tungkol sa kanya."

Tagapagsalaysay: Ang mga tao nama'y sinulsulan
ng mga punong saserdote at ng matatanda ng bayan
na hilingin kay Pilato na si Barrabas ang palayain,
at si Hesus ay ipapatay.
Muli silang tinanong ng gobernador,

Pilato: "Sino sa dalawa ang ibig ninyong palayain ko?"

Taong-Bayan: "Si Barrabas po!"

Tagapagsalaysay: sagot nila.
Sinabi sa kanila ni Pilato,

Pilato: "Kung gayon, ano ang gagawin ko kay Hesus
na tinatawag na Kristo?"

Tagapagsalaysay: Sumagot ang lahat,

Taong-Bayan: "Ipako sa krus!"

Pilato: “Bakit, anong masama ang ginawa niya?”

Tagapagsalaysay: tanong ni Pilato.
Nguni’t lalo pa nilang isinigaw,

Taong-Bayan: “Ipako sa krus!”

Tagapagsalaysay: Nang makita ni Pilato na wala siyang magagawa,
at malamang pang magkagulo ang mga tao,
nagpakuha siya ng tubig
at naghugas ng kamay sa harapan ng mga tao.

Pilato: “Wala akong pananagutan sa kamatayan ng taong ito.
Bahala kayo!”

Tagapagsalaysay: sabi ni Pilato.
Sumagot ang mga tao,

Taong-Bayan: “Pinananagutan namin at ng aming mga anak
ang pagkamatay niya!”

Tagapagsalaysay: At pinalaya niya si Barrabas,
nguni’t ipinahagupit si Hesus
at ibinigay sa kanila upang ipako sa krus.

Si Hesus ay dinala ng mga kawal ng gobernador
sa pretoryo, at nagkatipon ang buong batalyon
sa paligid niya.
Hinubaran nila siya
at sinuutan ng isang balabal na pulang-pula.
Naglikaw sila ng halamang matinik
at ipinutong sa kanya,
saka pinapaghawak ng isang tambo
sa kanyang kanang kamay.
At palibak siyang niluhudluhuran at binati:

Sundalo: “Mabuhay ang Hari ng mga Judio!”

Tagapagsalaysay:

**Siya'y pinaglulurhan;
kinuha nila ang tambo
at siya'y pinaghahampas sa ulo.
At matapos kutyain,
kanilang inalisan siya ng balabal,
sinuotan ng sariling damit,
at inilabas upang ipako sa krus.**

**Paglabas nila ng lungsod,
kanilang nakita ang isang lalaking
nagngangalang Simon, isang taga-Cirene.
Pilit nilang ipinapasan sa kanya ang krus ni Hesus.**

**Pagdating sa lugar na tinatawag na Golgota
na nangangahulugang Pook ng Bungo,
binigyan nila si Hesus ng alak na hinaluan ng apdo.
Ngunit nang matikman niya ay hindi ininom.**

**Nang maipako na siya sa krus,
pinaghati-hatian nila ang kanyang mga damit
matapos magsapalaran.
At naupo sila upang siya'y bantayan.
Nakasulat sa kanyang ulunan
ang sakdal laban sa kanya:
"Ito'y si Hesus, ang Hari ng mga Judio."
Dalawang tulisan ang kasabay niyang ipinako
sa krus — isa sa kanan at isa sa kaliwa.
Nilibak siya ng mga nagdaraan,
at tatangu-tango pang sinabi,**

Taong-Bayan:

**"Di ba ikaw ang gigiba ng templo
at muling magtatayo nito sa loob ng tatlong araw?
Iligtas mo ngayon ang iyong sarili!
Kung ikaw nga ang Anak ng Diyos,
bumaba ka sa krus!"**

Tagapagsalaysay: Kinutya rin siya ng mga punong saserdote,
ng mga eskriba at ng matatanda ng bayan.
Sabi nila,

Saserdote: "Iniligtas ang iba ngunit ang sarili'y di mailigtas!
Di ba siya ang Hari ng Israel?
Bumaba lang siya ngayon sa krus,
maniniwala kami sa kanya!
Nananalig siya sa Diyos,
at sinasabi niyang siya ang Anak ng Diyos.
Iligtas siya ng Diyos kung talagang iniibig siya!"

Tagapagsalaysay: At inalipusta rin siya
ng mga tulisang ipinakong kasabay niya.
Mula sa tanghaling tapat
hanggang sa ikatlo ng hapon
ay nagdilim sa buong lupain.
Nang mag-iikatlo ng hapon,
sumigaw si Hesus,

Hesus: "Eli, Eli, lama sabachthani?"

Tagapagsalaysay: Ibig sabihi'y
"Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?"

Narinig ito ng ilan sa mga nakatayo roon,
at sinabi nila,

Taong-Bayan: "Tinatawag niya si Elias!"

Tagapagsalaysay: Agad tumakbo ang isa sa kanila
at kumuha ng espongha,
tinigmak ng maasim na alak,
inilagay sa dulo ng isang tambo
at ipinasipsip kay Hesus.
Nguni't sinabi naman ng iba,

Taong-Bayan: "Hintay muna,
tingnan natin kung darating si Elias
upang iligtas siya!"

Tagapagsalaysay: **Muling sumigaw si Hesus at nalagutan ng hininga.**

Dito luluhod ang tanan at sandaling mananahimik.

**Biglang napunit sa gitna ang tabing ng templo,**
**mula sa itaas hanggang sa ibaba.**
**Nayanig ang lupa, nagbitak ang mga bato,**
**nabuksan ang mga libingan,**
**at nabuhay ang maraming banal na namatay na.**

**Lumabas sila ng libingan,**
**at nang muling mabuhay si Hesus,**
**sila'y pumasok sa Banal na Lungsod**
**at nakita roon ng marami.**

**Nasindak ang kapitan**
**at ang mga kawal na nagbabantay kay Hesus**
**nang maramdaman nila ang lindol**
**at masaksihan ang lahat ng nangyari.**

Sundalo: **"Tunay na ito'y Anak ng Diyos!"**

Tagapagsalaysay: **sabi nila.**

**Naroon din ang maraming babaing**
**nakatanaw mula sa malayo.**
**Mula pa sa Galilea'y sumusunod na sila kay Hesus**
**at naglilingkod sa kanya.**
**Kabilang sa kanila si Maria Magdalena,**
**si Mariang ina ni Santiago at ni Jose,**
**at ang asawa ni Zebedeo.**

**Bago magtakipsilim,**
**dumating ang isang mayamang taga-Arimatea,**
**na ang ngala'y Jose.**
**Siya'y alagad din ni Hesus.**
**Lumapit siya kay Pilato**
**at hiningi ang bangkay ni Hesus.**

Iniutos naman ni Pilato na ibigay ito sa kanya.
Kaya't kinuha ni Jose ang bangkay
at binalot ng bagong kayong lino.

Inilagay niya ito sa sariling libingan
na di pa nalalaunang ipinauka niya sa bato.
Pagkatapos, iginulong niya sa pintuan nito
ang isang malaking bato, saka umalis.
Naroon si Maria Magdalena at ang isa pang Maria,
na nakaupo sa tapat ng libingan.

Kinabukasan, alalaong baga'y
pagkatapos ng Araw ng Paghahanda,
sama-samang nagpunta kay Pilato
ang mga punong saserdote at ang mga Pariseo.
Sinabi nila,

Saserdote: "Naalaala po namin na sinabi ng mapagpanggap
na iyon noong nabubuhay pa,
na siya'y muling mabubuhay
pagkaraan ng tatlong araw.

Pabantayan nga po ninyong mabuti
ang libingan hanggang sa ikatlong araw.
Baka pumaroon ang kanyang mga alagad
at nakawin ang bangkay,
at sabihin sa mga tao na siya'y muling nabuhay.
At ang pandarayang ito
ay magiging masahol pa sa nauna."

Tagapagsalaysay: Sinabi sa kanila ni Pilato,

Pilato: "Kumuha kayo ng mga kawal
at pabantayang mabuti ang libingan."

Tagapagsalaysay: Kaya't pumaroon sila at nilagyan ng tatak ang bato
at pinabantayan ang libingan
upang matiyak nilang di ito pakikialaman ninuman.

Sa katapusan, ihahayag niya:

**Ang Mabuting Balita ng Panginoon.**

Magbubunyi ang lahat:

Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

## TAHIMIK NA PAGNINILAY

## PANALANGING PANGKALAHATAN

Puno ng sambahayan:

**Manalangin tayo sa Ama nating mapagmahal at mapagpala**
**sa pamamagitan ng ating Panginoon si Hesukristo.**
**Buong pagtitiwala nating idalangin:**

T. Sa pamamagitan ng pagpapakasakit ni Hesus, dinggin mo kami.

Isang kasapi ng pamilya:

**Nawa ang Santo Papa Francisco, mga obispo,**
**pari, diyakono, at mga relihiyoso't relihiyosa**
**ay laging magpatotoo sa mga turo ni Hesukristo**
**sa kanilang pagtuturo at pagsasabuhay**
**ng pagmamahal at paglilingkod sa kapwa.**
Manalangin tayo.

T. Sa pamamagitan ng pagpapakasakit ni Hesus, dinggin mo kami.

**Nawa ang mga namumuno sa ating pamahalaan**
**sa sinumpaan nilang tungkulin sa bayan**
**ay matularan ang halimbawang turo ni Hesus:**
**ang maglingkod sa kapwa sa halip na paglingkuran.**
Manalangin tayo.

T. Sa pamamagitan ng pagpapakasakit ni Hesus, dinggin mo kami.

**Nawa ang mga nagdaranas ng kahirapan at pagdurusa**
**ay makatagpo ng pag-asa, ginhawa, at katugunan**
**sa kanilang mga pangangailangan**
**sa pagmamalasakit ng kanilang kapwa.**
Manalangin tayo.

T. Sa pamamagitan ng pagpapakasakit ni Hesus, dinggin mo kami.

**Nawa tayong natitipon ngayon sa pakikinig natin sa salita ng Diyos**
**at pagdiriwang ng mga Sakramento ay dulutan ng sigla**
**upang mapaglingkuran ang Diyos sa ating kapwa,**
**higit sa lahat ang mga nangangailangan.**
Manalangin tayo.

T. Sa pamamagitan ng pagpapakasakit ni Hesus, dinggin mo kami.

**Nawa magkaroon ng agarang lunas**
**sa coronavirus pandemic na nagpapahirap sa marami,**
**upang hilumin na ng Panginoon ang mga maysakit,**
**bigyan ng sapat na lakas ang mga kumakalinga sa kanila**
**at tulungan tayong magsumikap sa pananampalataya.**
Manalangin tayo.

T. Sa pamamagitan ng pagpapakasakit ni Hesus, dinggin mo kami.

Puno ng sambahayan:

**Diyos na aming Ama,**
**sa pagdiriwang namin ngayon**
**sa matagumpay na pagpasok ng iyong Anak sa Jerusalem,**
**itulot mong matularan namin ang mga halimbawa**
**ng kanyang pagkamasunurin sa kalooban mo,**
**siya na nabubuhay at naghaharing kasama mo at ng Espiritu Santo**
**ngayon at magpakailanman.**

Tugugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

## AMA NAMIN

Pangungunahan ng puno ng sambahayan ang Ama Namin.

Puno ng sambahayan:

**Hilingin natin sa ating Ama**
**na patawarin niya tayo**
**sa ating mga kasalanan**
**at tulungan niya tayong magpatawad**
**sa mga nagkasala sa atin.**

Ama namin, sumasalangit ka.
Sambahin ang ngalan mo.
Mapasaamin ang kaharian mo.
Sundin ang loob mo
dito sa lupa para nang sa langit.
Bigyan mo kami ngayon
ng aming kakanin sa araw-araw.
At patawarin mo kami sa aming mga sala
para nang pagpapatawad namin
sa nagkakasala sa amin.
At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso.
At iadya mo kami sa lahat ng masama.

Matapos ang Ama Namin, aanyayahan ng puno ng sambahayan ang lahat na magbatian ng kapayapaan sa isa't isa.

## ESPIRITUWAL NA PAKIKINABANG

Aanyayahan ng puno ng sambahayan ang lahat:

**Mga kapatid,**
**halina't naisin nating tanggapin ang Panginoon**
**sa pamamaraang espirituwal**
**habang tayo'y nakikiisa**
**sa kanyang pagpapakasakit at kamatayan**
**patungo sa kaluwalhatian ng kanyang muling pagkabuhay.**

Sasabay ang mga kasapi ng pamilya sa pananalangin.

**Aking Hesus, nananalig akong ikaw**
**ay nananahan sa Pinakabanal na Sakramento.**
**Mahal kita nang higit sa lahat ng bagay,**
**at nais kong tanggapin ka sa aking kaluluwa.**
**Subalit sa sandaling ito ikaw ay hindi ko**
**matatanggap sa Banal na Komunyon.**
**Nawa'y tanggapin kita nang espirituwal**
**sa aking pagnanais na ito at pumasok ka sa aking puso.**
**Niyayakap kita na parang naririto ka na sa akin,**
**at pinagkakaisa ko ang aking sarili sa iyo.**
**Huwag mong hayaang ako ay mawalay sa iyo.**
**Amen.**

## PANGWAKAS NA PANALANGIN

Puno ng sambahayan:

**Panginoon, buong kapakumbabaan**
**kaming sumasamo sa iyo**
**na, sa pamamagitan ng kamatayan**
**ng iyong anak**
**pinagkalooban mo kami ng pag-asa**
**sa aming pinananaligan.**
**Sa papamagitan ng kanyang muling pagkabuhay,**
**gabayan mo kami tungo sa landas ng iyong pagtawag.**
**Sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

## PANGWAKAS

Puno ng sambahayan:

**Mga kapatid,**
**sa papamagitan ng pagdiriwang na ito**
**mapanatili nawa tayo ng Diyos sa katawan at espiritu**
**sa ating paglalakbay tungo sa pagbabagong-buhay.**
**At pagpalain tayo ng Makapangyarihang Diyos**
**Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

# PAGMIMISA SA PAGTATAKIPSILIM SA PAGHAHAPUNAN NG PANGINOON

Ang pag-alaala sa Huling Hapunan ng Panginoon ang unang pagkilos ng Pagdiriwang ng Banal na Triduong Pampaskuwa. Sa banal na pagdiriwang na ito ng Simbahan inaalala ang Huling Hapunan ng Panginoon kung kailan Niya itinatag ang mga Sakramento ng Eukaristiya at Banal na Orden at inutusan tayong mag-ibigan tulad ng pag-ibig Niya sa atin. Ipagdiriwang ito sa hapon.

Ang pagdiriwang ay binubuo ng mga sumusunod:

a. Pagpapahayag ng Salita ng Diyos na nasasalysay at nagpapaliwanag ng mga pangyayari sa Huling Hapunan,

b. Paghuhugas ng mga paa na nagpapahayag ng kalikasan ng pag-ibig ni Kristo na pinapadama sa mababang-loob na paglilingkod,

c. Espirituwal na Pakikinabang na pakikibahagi sa Huling Hapunan

d. Bilang tugon sa utos ni Jesus na umibig at maglingkod sa mahihirap, ang lahat ay inaanyayahan ngayon na mag-alay ng kanilang handog sa mahihirap.

# PASIMULA

Maaaring umawit ng panimulang awit.

Matapos ang panimulang awit, ang lahat ng kasapi ng pamilya ay mag-aantanda ng krus. Pangungunahan ng puno ng sambahayan ang pagdiriwang sa mga katagang ito:

**Minamahal kong mga kapatid,**
**sa pagdiriwang natin**
**ng Huling Hapunan ng Panginoon,**
**ginugunita at sinisimulan natin ngayon**
**ang pag-alaala sa misteryo ng pagpapakasakit,**
**pagkamatay at muling pagkabuhay**
**ni Hesukristo na ating Tagapagligtas.**

Sasambitin ng puno ng sambahayan ang sumusunod na panalangin:

**Manalangin tayo.**

Tahimik na mananalangin nang saglit.

**Amang mapagmahal,**
**sa gabi ng kamatayan ng iyong Anak,**
**ang Panginoong Hesuskristo**
**ay naghugas ng paa ng kanyang mga alagad**
**at ibinigay ang kanyang sarili bilang pagkain at inumin**
**bilang tanda ng kanyang walang hanggang pag-ibig sa lahat.**
**Gawin mo kaming nananabik sa banal na piging na ito**
**at bigyan mo kami ng taos-pusong kaligayahan**
**sa aming buong-kababaang paglilingkod.**

**Hinihiling naming ito,**
**sa pamamagitan ng aming Panginoong Hesukristo,**
**ang iyong anak na nabubuhay**
**at naghahari kasama mo**
**at ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

# PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

## PAGBASA

1 Corinto 11:23-26

**Pagbasa mula sa unang sulat ni Apostol San Pablo
sa mga taga-Corinto**

**Mga kapatid:
Ito ang aral na tinanggap ko sa Panginoon
at ibinibigay ko naman sa inyo:
ang Panginoong Hesus, noong gabing siya'y ipagkanulo
ay dumampot ng tinapay, nagpasalamat,
at pinaghati-hati ito, at sinabi,
"Ito ang aking katawan na inihahandog para sa inyo.
Gawin ninyo ito sa pag-alala sa akin."
Gayon din naman, matapos maghapunan
ay hinawakan niya ang kalis at sinabi,
"Ang kalis na ito ang bagong tipan
na pinagtitibay ng aking dugo.
Tuwing iinumin ninyo ito,
gawin ninyo sa pag-alala sa akin."
Sapagkat tuwing kakain kayo ng tinapay na ito
at iinom sa kalis na ito
ay ipinahahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon,
hanggang sa muling pagparito niya.**

Upang ipahiwatig ang katapusan ng pagbasa, ihahayag ng tagapaglahad:

**Ang Salita ng Diyos.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Salamat sa Diyos.

## SALMONG TUGUNAN

Salmo 115:12-13. 15-16. 17-18

T. Sa Kalis ng pagbabasbas,
si Kristo and tinatanggap,

**Sa Diyos ko't Panginoon, ano'ng aking ihahandog
sa lahat ng kabutihan na sa akin ay kaloob?
Ang handog ko sa dambana, ay inumin na masarap
bilang aking pagkilala sa ginawang pagliligtas.**

T. Sa Kalis ng pagbabasbas,
si Kristo and tinatanggap,

**Masakit sa kalooban ng Poon kung may papanaw,
kahit ito ay iisa, labis siyang magdaramdam,
katulad ng aking ina, maglilingkod akong lubos
yamang ako'y iniligtas, kinalinga at tinubos.**

T. Sa Kalis ng pagbabasbas,
si Kristo and tinatanggap,

**Ako ngayo'y maghahandog ng haing pasasalamat,
ang handog kong panalangi'y sa iyo ko ilalagak.
Sa templo sa Jerusalem, ay doon ko ibibigay
ang anumang pangako kong sa iyo ay binitiwan.**

T. Sa Kalis ng pagbabasbas,
si Kristo and tinatanggap,

## AWIT-PAMBUNGAD SA MABUTING BALITA

Juan 13:34

Ang bagong utos ko'y ito:
mag-ibigan sana kayo
katulad ng ginawa ko na pagmamahal sa inyo,
ang sabi ni Hesuskristo.

## MABUTING BALITA

Juan 13:1-15

**Mga kapatid halina't pakinggan**
**ang pagbasa ng Mabuting Balita ayon kay San Juan**

**Bisperas na ng Paskuwa.**
**Alam ni Hesus na dumating na ang panahon**
**ng kanyang paglisan sa sanlibutang ito upang bumalik sa Ama.**
**Mahal niya ang kanyang mga tagasunod na nasa sanlibutan,**
**at ngayo'y ipakikita niya kung hanggang saan**
**ang kanyang pag-ibig sa kanila.**
**Naghahapunan si Hesus at ang mga alagad.**
**Naisilid na ng diyablo sa isip ni Judas, anak ni Simon Iscariote,**
**ang pagkakanulo kay Hesus.**
**Alam ni Hesus na ibinigay na sa kanya ng Ama**
**ang buong kapangyarihan;**
**alam din niyang siya'y mula sa Diyos at babalik sa Diyos.**
**Kaya't nang sila'y naghahapunan, tumindig si Hesus,**
**naghubad ng kanyang panlabas na kasuotan,**
**at nagbigkis ng tuwalya.**
**Pagkatapos, nagbuhos siya ng tubig sa palanggana,**
**at sinimulang hugasan ang paa ng mga alagad**
**at punasan ng tuwalyang nakabigkis sa kanya.**
**Paglapit niya kay Simon Pedro, tumutol ito.**
**"Panginoon," sabi niya,**
**"diyata't kayo pa ang maghuhugas ng aking mga paa?"**
**Sumagot si Hesus,**
**"Hindi mo nauunawaan ngayon ang ginagawa ko,**
**ngunit mauunawaan mo rin pagkatapos."**

**Sinabi sa kanya ni Pedro.**
**"Hinding-hindi ko po pahuhugasan sa inyo ang aking mga paa."**
**"Kung hindi kita huhugasan,**
**wala kang kaugnayan sa akin,"**
**tugon ni Hesus.**
**Kaya't sinabi ni Pedro,**
**"Panginoon, hindi lamang po ang mga paa ko,**
**kundi pati ang aking kamay at ulo!"**
**Ani Hesus,**
**"Maliban sa kanyang mga paa,**
**hindi na kailangang hugasan pa ang naligo na,**
**sapagkat malinis na ang kanyang buong katawan.**
**At malinis na kayo, ngunit hindi lahat."**
**Sapagkat alam ni Hesus kung sino ang magkakanulo sa kanya,**
**kaya sinabi niyang malinis na sila,**
**ngunit hindi lahat.**

Sa katapusan, ihahayag niya:

**Ang Mabuting Balita ng Panginoon.**

Magbubunyi ang lahat:

Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

## TAHIMIK NA PAGNINILAY

## PAGHUHUGAS NG MGA PAA

Ang puno ng sambahayan ang siyang maghuhugas ng mga paa sa bawat kasapi ng pamliya. Ang puno ng sambahayan ang magbubuhos ng tubig sa bawat paa at tutuyuin ito gamit ang tuwalya. Gagawin ito habang umaawit ng akmang awitin.

## PANALANGING PANGKALAHATAN

Puno ng sambahayan:

**Sa Huling Hapunan**
**inihabilin ni Hesus sa Simbahan**
**ang pag-alala sa kanyang kamatayan at muling pagkabuhay**
**upang maipagdiwang ito magpakailanman.**
**Samahan natin si Hesus**
**at buong pagtitiwala tayong manalangin sa Ama.**

T. Panginoon dinggin mo ang iyong bayan.

Isang kasapi ng pamilya:

**Nawa ang Santa Iglesiya**
**sa pagdiriwang at pagsasabuhay ng Banal na Eukaristiya**
**ay lagi siyang makapagpatotoo sa mga aral**
**at pag-ibig ni Kristo sa lahat ng tao.**
Manalangin tayo.

T. Panginoon dinggin mo ang iyong bayan.

**Nawa ang Santo Papa, mga obispo, mga pari't diyakono**
**sa pamamagitan ng Eukaristiya**
**ay patuloy na palakasin at pasiglahin ng Panginoon**
**at manatili silang tapat sa tungkuling ipinagkatiwala sa kanila.**
Manalangin tayo.

T. Panginoon dinggin mo ang iyong bayan.

**Nawa makita at maisabuhay ng mga pinuno ng ating bansa**
**ang turo at halimbawa ni Hesus sa paglilingkod sa kapwa**
**nang walang pag-iimbot.**
Manalangin tayo.

T. Panginoon dinggin mo ang iyong bayan.

**Nawa ang mga nahaharap sa mga tukso at pagsubok**
**ay maging matatag at malakas**
**ayon sa halimbawa ng katapatan ni Kristo sa Ama.**
Manalangin tayo.

T. Panginoon dinggin mo ang iyong bayan.

**Nawa ang mga namatay**
**na nakibahagi sa Katawan at Dugo ni Kristo**
**ay makiisa sa walang hanggang buhay**
**na ipinangangako sa Eukaristiya.**
Manalangin tayo.

T. Panginoon dinggin mo ang iyong bayan.

**Nawa magkaroon ng agarang lunas**
**sa coronavirus pandemic na nagpapahirap sa marami,**
**upang hilumin na ng Panginoon ang mga maysakit,**
**bigyan ng sapat na lakas ang mga kumakalinga sa kanila**
**at tulungan tayong magsumikap sa pananampalataya.**
Manalangin tayo.

T. Panginoon dinggin mo ang iyong bayan.

Puno ng sambahayan:

**Ama,**
**sa tuwing ipinagdiriwang namin sa Eukaristiya ang alaala ng krus,**
**inaalala namin ang tagubilin ni Hesukristong iyong Anak.**
**Samahan mo kami sa panahong iyon**
**upang ikaw ay makakapiling namin**
**magpasawalang hanggan.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

## AMA NAMIN

Pangungunahan ng puno ng sambahayan ang Ama Namin.

Puno ng sambahayan:

**Hilingin natin sa ating Ama**
**na patawarin niya tayo**
**sa ating mga kasalanan**
**at tulungan niya tayong magpatawad**
**sa mga nagkasala sa atin.**

Ama namin, sumasalangit ka.
Sambahin ang ngalan mo.
Mapasaamin ang kaharian mo.
Sundin ang loob mo
dito sa lupa para nang sa langit.
Bigyan mo kami ngayon
ng aming kakanin sa araw-araw.
At patawarin mo kami sa aming mga sala
para nang pagpapatawad namin
sa nagkakasala sa amin.
At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso.
At iadya mo kami sa lahat ng masama.

Matapos ang Ama Namin, aanyayahan ng puno ng sambahayan ang lahat na magbatian ng kapayapaan sa isa't isa.

## ESPIRITUWAL NA PAKIKINABANG

Aanyayahan ng puno ng sambahayan ang lahat:

**Mga kapatid,**
**ipinagkatiwala sa atin**
**ang Banal na Eukaristiya**
**bilang sakramento ng pag-ibig,**
**tanda ng pagkakaisa, at dugo ng kawanggawa.**
**Halina't naisin nating tanggapin ang Panginoon**
**sa pamamaraang espirituwal.**

Sasabay ang mga kasapi ng pamilya sa pananalangin.

**Aking Hesus, nananalig akong ikaw**
**ay nananahan sa Pinakabanal na Sakramento.**
**Mahal kita nang higit sa lahat ng bagay,**
**at nais kong tanggapin ka sa aking kaluluwa.**
**Subalit sa sandaling ito ikaw ay hindi ko**
**matatanggap sa Banal na Komunyon.**
**Nawa'y tanggapin kita nang espirituwal**
**sa aking pagnanais na ito at pumasok ka sa aking puso.**
**Niyayakap kita na parang naririto ka na sa akin,**
**at pinagkakaisa ko ang aking sarili sa iyo.**
**Huwag mong hayaang ako ay mawalay sa iyo.**
**Amen.**

Matapos ang panalangin, aanyayahan ng puno ng sambahayan ang bawat isa na mag-alay o magbigay ng tulong sa mga dukha na bunga ng kanilang penitensya. Maaring umawit ng isang angkop na awitin.

# PAGDIRIWANG SA PAGPAPAKASAKIT NG PANGINOON

Matagal nang kaugalian ng Simbahan ang hindi pagdiriwang ng mga sakramento ngayon at bukas. Sa araw na ito, ipinagdiriwang natin ang Pagpapaksakit ng Panginoon sa pamamagitan ng pag-alaala sa mapagligtas niyang gawain na malaya at buo niyang ibinigay ang kanyang sarili upang masunod ang kalooban ng Ama. Gaganapin sa ikatlo ng hapon ang pagdiriwang sa pagpapakasakit ng Panginoon, maliban kung may ibang higit na mabuting dahilan upang gawin ito sa ibang oras ng hapon o gabi.

May tatlong yugto ang pagdiriwang ngayon:

a. Pagpapahayag ng Salita ng Diyos na pangunahing bahagi ng pagdiriwang, na nagpapanumbalik sa ating mga kaisipan ng pagpapakakit at kamatayan ni Kristo at ipinaparanas muli sa atin ang kaganapang iyon. Tayo'y tumutugon sa Salita ng Diyos sa pamamagitan ng sampung panalanging pangkalahatan na ibinigay sa atin ng Simbahan para sa pagdirirwang na ito.

b. Pagpaparangal sa Krus na Banal na pagpapahayag ng ating pagbibigay-galang sa Krus ni Kristo at sa galak sa kanyang tagumpay sa kasalanan at kamatayan.

c. Espirituwal na Pakikinabang kung ssan tayo ay espirituwal na nakikiisa ni Kristo sa pagsama natin sa kanyang pagpapakasakit at kamatayan tungo sa kaluwalhatian ng kanyang muling pagkabuhay.

# PASIMULA

Magtitipon ang lahat ng kasapi ng pamilya. Ang lahat ay mananalangin ng tahimik sa loob ng ilang sandali. Matapos ito, ang puno ng sambahayan ay darasalin ang sumusunod na panalangin.

**Manalangin tayo.**

Tahimik na mananalangin nang saglit.

**Ama naming makapangyarihan,**  
**alalahanin mo ang iyong awa at pagmamahal**  
**at sa iyong paglingap gawin mong banal kaming lahat**  
**na siyang dahilan kaya't dugo'y dumanak**  
**mula sa iyong nagpakasakit na Anak**  
**upang pagsaluhin kami**  
**sa piging ng Pagkabuhay na kanyang itinatag**  
**bilang aming Tagapamagitan**

# PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

## AWIT-PAMBUNGAD SA MABUTING BALITA

Filipos 2:8-9

Masunuring Kristo Hesus
naghain ng buhay sa krus,
kaya't dinakila ng D'yos
binigyan ng ngalang tampok
sa langit at sansinukob.

## ANG PAGPAPAKASAKIT NG PANGINOON

Juan 18:1—19:42

Ang pagpapakasakit ng Panginoon ay ipahahayag. Ang iba't ibang kasapi ng pamilya ay maaring maging tagapagpahayag ng mga bahagi ng pagbasa.

Puno ng sambahayan:

**Mga kapatid halina't pakinggan**
**ang Pagpapakasakit ng ating Panginoong Hesuskristo**
**ayon kay San Juan**

Tagapagsalaysay:

**Noong panahong iyon:**
**Umalis si Hesus kasama ang kanyang mga alagad.**
**Pumunta sila sa ibayo ng batis Cedron**
**at pumasok sa isang halamanan doon.**
**Ang lugar na ito'y alam ni Judas**
**na nagkanulo sa kanya,**
**sapagkat madalas magpunta roon si Hesus**
**at ang kanyang mga alagad.**

**Pumaroon si Judas,**
**kasama ang ilang bantay sa templo**
**at isang pangkat ng mga kawal**
**na padala ng mga punong saserdote at mga Pariseo.**
**May dala silang mga parol, sulo at sandata.**
**Alam ni Hesus ang lahat ng mangyayari sa kanya,**
**kaya't sila'y sinalubong niya at tinanong,**

Hesus: “Sino ang hinahanap ninyo?”

Taong-Bayan: “Si Hesus na taga-Nazaret,”

Tagapagsalaysay: **tugon nila. Sinabi niya,**

Hesus: **“Ako si Hesus.”**

Tagapagsalaysay: **Kaharap nila si Judas na nagkanulo sa kanya.
Nang sabihin ni Hesus na siya nga,
napaurong sila at nabuwal sa lupa.
Muli siyang nagtanong,**

Hesus: **“Sino nga ba ang hinahanap ninyo?”**

Taong-Bayan: **“Si Hesus na taga-Nazaret,”**

Tagapagsalaysay: **sagot nila.**

Hesus: **“Sinabi ko na sa inyong ako si Hesus.
Kung ako ang hinahanap ninyo,
hayaan ninyong umalis ang mga taong ito,”**

Tagapagsalaysay: **wika niya.**

**Sinabi niya ito upang matupad ang kanyang salita,
“Walang napahamak kahit isa
sa mga ibinigay mo sa akin, Ama.”**

**Binunot ni Simon Pedro ang kanyang tabak
at tinaga ang alipin ng pinakapunong saserdote.
Natigpas ang kanang tainga ng aliping yaon
na ang pangala’y Malco.
Sinabi ni Hesus kay Pedro,**

Hesus: **“Isalong mo ang iyong tabak!
Dapat kong inumin ang kalis ng paghihirap
na ibinigay sa akin ng Ama.”**

Tagapagsalaysay:

Si Hesus ay dinakip
at ginapos ng mga bantay na Judio
at ng pangkat ng mga kawal
sa pamumuno ng kanilang kapitan.
Siya'y dinala muna kay Anas na biyenan ni Caifas
na pinakapunong saserdote nang panahong yaon.
Si Caifas ang nagpayo sa mga Judio
na mas mabuti para sa kanila
na isang tao lamang ang mamatay
alang-alang sa bayan.
Si Simon Pedro at ang isa pang alagad
ay sumunod kay Hesus.
Kilala ng pinakapunong saserdote ang alagad na ito,
kaya't nakapasok siyang kasama ni Hesus
sa patyo ng bahay ng pinakapunong saserdote.
Naiwan naman si Pedro sa labas ng pintuan.

Lumabas ang alagad
na kilala ng pinakapunong saserdote,
kinausap ang dalagang nagbabantay sa pinto,
at pinapasok si Pedro.
Si Pedro'y tinanong ng dalaga,

Babae:

"Hindi ba't isa ka sa mga alagad ng taong iyan?"

Pedro:

"Hindi,"

Tagapagsalaysay:

sagot ni Pedro.

Maginaw noon, kaya't nagpabaga ng uling
ang mga alipin at mga bantay
at tumayo sa paligid ng siga upang magpainit.
Nakihalo si Pedro at nagpainit din.
Si Hesus ay tinanong ng pinakapunong saserdote
tungkol sa kanyang mga alagad
at sa kanyang itinuturo.
Sumagot si Hesus,

Hesus:

“Hayagan akong nagsasalita sa madla;
lagi akong nagtuturo sa mga sinagoga
at sa templo ng mga Judio.
Wala akong sinabing palihim.
Bakit ako ang tinatanong ninyo?
Ang tanungin ninyo’y ang mga nakarinig sa akin;
alam nila kung ano ang sinabi ko.”

Tagapagsalaysay:

Pagkasabi nito,
siya’y sinampal ng isa sa mga bantay na naroroon.

Sundalo:

“Bakit mo sinasagot nang ganyan
ang pinakapunong saserdote?”

Tagapagsalaysay:

tanong niya. Sinagot siya ni Hesus,

Hesus:

“Kung nagsalita ako ng masama, patunayan mo!
Ngunit kung mabuti ang sinabi ko,
bakit mo ako sinampal?”

Tagapagsalaysay:

Si Hesus na nakagapos pa noon
ay ipinadala ni Anas kay Caifas,
ang pinakapunong saserdote.
Samantala, naroon pa rin si Simon Pedro
at nagpapainit. Siya’y tinanong nila,

Taong-Bayan:

“Hindi ba’t alagad ka rin ng taong iyan?”

Pedro:

“Hindi!”

Tagapagsalaysay:

sagot ni Pedro.

Tinanong naman siya ng isa sa mga alipin
ng pinakapunong saserdote,
kamag-anak ng lalaking tinigpasan niya ng tainga,

Taong-Bayan:

“Hindi ba ikaw ang nakita kong kasama ni Hesus
sa halamanan?”

Tagapagsalaysay: **Muling itinatwa ito ni Pedro.**
**Siya namang pagtilaok ng manok.**

**Mula sa bahay ni Caifas,**
**si Hesus ay dinala nila sa palasyo ng gobernador.**
**Umaga na noon.**
**Hindi pumasok ang mga Judio**
**sa palasyo ng gobernador,**
**upang sila'y huwag maituring**
**na di karapat-dapat kumain**
**ng Hapunang Pampaskuwa.**
**Kaya't sa labas sila tinanggap ni Pilato at tinanong,**

Pilato: **"Ano ang sakdal ninyo laban sa taong ito?"**

Tagapagsalaysay: **Sumagot sila,**

Taong-Bayan: **"Kung hindi po siya gumawa ng masama,**
**hindi namin siya dadalhin sa inyo."**

Tagapagsalaysay: **Sinabi sa kanila ni Pilato,**

Pilato: **"Dalhin ninyo siya,**
**at hatulan ayon sa inyong kautusan."**

Tagapagsalaysay: **Sumagot ang mga Judio,**

Taong-Bayan: **"Wala po kaming kapangyarihang humatol**
**ng kamatayan kaninuman."**

Tagapagsalaysay: **Nangyari ito upang matupad ang sinabi ni Hesus**
**tungkol sa paraan ng kanyang pagkamatay.**
**Si Pilato'y pumasok uli sa palasyo at tinawag si Hesus,**

Pilato: **"Ikaw ba ang Hari ng mga Judio?"**

Tagapagsalaysay: **tanong niya. Sumagot si Hesus,**

Hesus: “Iyan ba’y galing sa inyong sariling isipan,
o may nagsabi sa inyo?”

Pilato: “Ako ba’y Judio?”

Tagapagsalaysay: tanong ni Pilato.

Pilato: “Ang mga kababayan mo
at ang mga punong saserdote
ang nagdala sa iyo rito.
Ano ba ang ginawa mo?”

Tagapagsalaysay: Sumagot si Hesus,

Hesus: “Ang kaharian ko’y hindi sa sanlibutang ito.
Kung sa sanlibutang ito ang aking kaharian,
ipinakipaglaban sana ako ng aking mga tauhan
at hindi naipagkanulo sa mga Judio.
Ngunit hindi sa sanlibutang ito ang aking kaharian!”

Pilato: “Kung gayon, isa kang hari?”

Tagapagsalaysay: sabi ni Pilato. Sumagot si Hesus,

Hesus: “Kayo na ang nagsasabing ako’y hari.
Ito ang dahilan kung bakit ako ipinanganak
at naparito sa sanlibutan:
upang magsalita tungkol sa katotohanan.
Nakikinig sa aking tinig
ang sinumang nasa katotohanan.”

Pilato: “Ano ba ang katotohanan?”

Tagapagsalaysay: tanong ni Pilato.

Pagkasabi nito,
muling lumabas si Pilato at sinabi sa mga Judio,

Pilato: “Wala akong makitang kasalanan sa taong ito.
Ngunit ayon sa inyong kaugalian,
dapat akong magpalaya ng isang bilanggo
kung araw ng Paskuwa.
Ibig ba ninyong palayain ko ang Hari ng mga Judio?”

Taong-Bayan: “Hindi!”

Tagapagsalaysay: sigaw nila.

Taong-Bayan: “Huwag siya, kundi si Barrabas!”

Tagapagsalaysay: Si Barrabas ay isang tulisan.
Kaya’t ipinakuha ni Pilato si Hesus at ipinahagupit.
Ang mga kawal ay kumuha ng halamang matinik,
ginawang korona, at ipinutong kay Hesus.
At sinuutan siya ng balabal na purpura.
Isa’t isa’y lumalapit sa kanya at ang wika,

Sundalo: “Mabuhay ang Hari ng mga Judio!”

Tagapagsalaysay: At siya’y pinagsasampal.
Lumabas uli si Pilato at sinabi sa kanila,

Pilato: “Ihaharap ko siya sa inyo upang malaman ninyo
na wala akong makitang kasalanan niya!”

Tagapagsalaysay: At inilabas si Hesus na may koronang tinik
at balabal na purpura.
Sinabi sa kanila ni Pilato,

Pilato: “Narito ang tao!”

Tagapagsalaysay: Pagkakita sa kanya ng mga punong saserdote
at ng mga bantay, sila’y sumigaw:

Saserdote: “Ipako siya sa krus! Ipako sa krus!”

Tagapagsalaysay: **Sinabi ni Pilato,**

Pilato: **“Kunin ninyo siya, at kayo ang magpako sa kanya.<br>Wala akong makitang kasalanan niya.”**

Tagapagsalaysay: **Sumagot ang mga Judio,**

Saserdote: **“Ayon sa aming kautusa’y nararapat siyang mamatay,<br>sapagkat siya’y nagpapanggap na Anak ng Diyos.”**

Tagapagsalaysay: **Lalong natakot si Pilato<br>nang marinig ang mga pananalitang ito.<br>Muli siyang pumasok sa palasyo at tinanong si Hesus,**

Pilato: **“Tagasaan ka ba?”**

Tagapagsalaysay: **Subalit hindi tumugon si Hesus.**

Pilato: **“Ayaw mo bang makipag-usap sa akin?”**

Tagapagsalaysay: **ani Pilato.**

Pilato: **“Hindi mo ba alam na maaari kitang palayain<br>o ipapako sa krus?”**

Tagapagsalaysay: **At sumagot si Hesus,**

Hesus: **“Kaya mo lamang magagawa iyan<br>ay sapagkat ipinagkaloob sa iyo ng Diyos<br>ang kapangyarihang iyan,<br>kaya mas mabigat ang kasalanan<br>ng nagdala sa akin dito.”**

Tagapagsalaysay: **Nang marinig ito ni Pilato,<br>lalo niyang hinangad na palayain si Hesus.<br>Ngunit nagsigawan ang mga tao,**

Taong-Bayan: **“Kapag pinalaya mo ang taong iyan,<br>hindi ka kaibigan ni Cesar!<br>Sinumang nagpapanggap na hari<br>ay kalaban ng Cesar.”**

Tagapagsalaysay: Pagkarinig ni Pilato sa pangungusap na ito,
inilabas niya si Hesus.
At siya'y lumuklok sa hukuman,
sa dakong tinatawag na "Ang Plataporma,"
Gabata sa wikang Hebreo.

Araw noon ng Paghahanda sa Paskuwa
at mag-iikalabindalawa na ng tanghali.
Sinabi ni Pilato sa mga Judio,

Pilato: "Narito ang inyong hari!"

Tagapagsalaysay: Sumigaw sila,

Taong-Bayan: "Patayin siya! Patayin! Ipako sa krus!"

Pilato: "Ipapako ko ba sa krus ang inyong hari?"

Tagapagsalaysay: tanong ni Pilato.
Sumagot ang mga punong saserdote,

Saserdote: "Wala kaming hari kundi ang Cesar!"

Tagapagsalaysay: Kaya't si Hesus ay ibinigay sa kanila ni Pilato
upang ipako sa krus.
Kinuha nga nila si Hesus.
At lumabas siya na pasan ang kanyang krus,
patungo sa lugar na kung tawagi'y "Dako ng Bungo,"
Golgota sa wikang Hebreo.
Pagdating doon, siya'y ipinako sa krus,
kasama ng dalawa pa
—isa sa gawing kanan at isa sa kaliwa.

Sumulat si Pilato ng ganitong pangungusap
at ipinalagay sa krus:
"Si Hesus na taga-Nazaret, ang Hari ng mga Judio."
Nasusulat ito sa mga wikang Hebreo, Latin, at Griego
at marami sa mga Judio ang nakabasa nito,
sapagkat malapit sa lungsod
ang dakong pinagpakuan kay Hesus.
Kaya't sinabi ng mga punong saserdote kay Pilato,

Saserdote: “Huwag ninyong isulat na Hari ng mga Judio, kundi,
‘Sinabi ng taong ito, Ako ang Hari ng mga Judio.’“

Tagapagsalaysay: Sumagot si Pilato,

Pilato: “Ang naisulat ko’y naisulat ko na.”

Tagapagsalaysay: Nang maipako na ng mga kawal si Hesus,
kinuha nila ang kanyang kasuotan
at pinaghati-hatian ng apat.
Kinuha rin nila ang kanyang tunika;
ito’y walang tahi at hinabi nang buo
mula sa itaas hanggang sa ibaba.
Nag-usap-usap ang mga kawal,

Sundalo: “Huwag nating punitin ito;
magsapalaran na lamang tayo
para malaman kung kanino ito mauuwi.”

Tagapagsalaysay: Nangyari ito upang matupad
ang isinasaad ng Kasulatan,
“Pinaghatihatian nila ang aking mga kasuotan;
at ang aking damit ay kanilang pinagsapalaran.”
Gayon nga ang ginawa ng mga kawal.

Nakatayo sa tabi ng krus ni Hesus ang kanyang ina
at ang kapatid na babae nitong si Maria,
na asawa ni Cleopas.
Naroon din si Maria Magdalena.
Nang makita ni Hesus ang kanyang ina,
at ang minamahal niyang alagad sa tabi nito,
kanyang sinabi,

Hesus: “Ginang, narito ang iyong anak!”

Tagapagsalaysay: At sinabi sa alagad,

Hesus: “Narito ang iyong ina!”

Tagapagsalaysay: **Mula noon,**
**siya'y pinatira ng alagad na ito sa kanyang bahay.**
**Pagkatapos nito,**
**alam ni Hesus na naganap na ang lahat ng bagay;**
**at bilang katuparan ng Kasulatan ay sinabi niya,**

Hesus: **"Nauuhaw ako!"**

Tagapagsalaysay: **May isang mangkok doon na puno ng maasim na alak.**
**Itinubog nila rito ang isang espongha,**
**ikinabit sa sanga ng isopo at idiniit sa kanyang bibig.**
**Nang masipsip ni Hesus ang alak ay kanyang sinabi,**

Hesus: **"Naganap na!"**

Tagapagsalaysay: **Iniyukayok niya ang kanyang ulo**
**at nalagot ang kanyang hininga.**

Dito luluhod ang tanan at sandaling mananahimik.

**Noo'y Araw ng Paghahanda,**
**at ayaw ng mga Judio na manatili sa krus**
**ang mga bangkay sa Araw ng Pamamahinga**
**sapagkat dakila ang Araw ng Pamamahingang ito.**
**Kaya't hiniling nila kay Pilato**
**na ipabali nito ang mga binti ng mga ipinako sa krus,**
**at alisin doon ang mga bangkay.**

**Naparoon nga ang mga kawal**
**at binali ang mga binti**
**ng dalawang ipinakong kasabay ni Hesus.**
**Ngunit pagdating nila kay Hesus**
**at makitang patay na siya,**
**hindi na nila binali ang kanyang binti.**
**Subalit inulos ng sibat ng isa sa mga kawal**
**ang tagiliran ni Hesus,**
**at biglang dumaloy ang dugo at tubig.**
**Ang nakakita nito ang nagpapatotoo**
**—tunay ang kanyang patotoo**
**at alam niyang katotohanan ang sinabi niya—**
**upang kayo'y maniwala.**

**Nangyari ang mga ito upang matupad**
**ang sinasabi ng Kasulatan,**
**“Walang mababali isa man sa kanyang mga buto.”**
**At sinabi naman ng ibang bahagi ng Kasulatan,**
**“Pagmamasdan nila ang kanilang inulos.”**
**Pagkatapos nito,**
**si Jose na taga-Arimatea ay nagsadya kay Pilato**
**upang humingi ng pahintulot**
**na makuha ang bangkay ni Hesus.**
**Si Jose’y isang alagad ni Hesus,**
**nguni’t palihim nga lamang**
**dahil sa takot sa mga Judio.**
**At pinahintulutan siya ni Pilato;**
**kaya’t kinuha ni Jose ang bangkay ni Hesus.**
**Sumama sa kanya si Nicodemo,**
**may dalang pabango—mga sandaang libra**
**ng pinaghalong mira at aloe.**
**Siya ang nagsadya kay Hesus isang gabi.**
**Kinuha nila ang bangkay ni Hesus,**
**at nilagyan ng pabango**
**habang binabalot sa kayong lino,**
**ayon sa kaugalian ng mga Judio.**
**Sa pinagpakuan kay Hesus ay may isang halamanan,**
**at dito’y may isang bagong libingang**
**hindi pa napaglilibingan.**
**Yamang noo’y araw ng Paghahanda ng mga Judio,**
**at dahil sa malapit naman ang libingang ito,**
**doon nila inilibing si Hesus.**

Sa katapusan, ihahayag niya:

**Ang Mabuting Balita ng Panginoon.**

Magbubunyi ang lahat:

Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

## TAHIMIK NA PAGNINILAY

## PANALANGING PANGKALAHATAN

Babasahin ng isang kasapi ng pamilya ang paanyaya sa panalangin at ang puno ng sambahayan ang magbabasa ng panalangin matapos ang ilang sandaling katahimikan. Ang lahat ay sasagot ng "Amen". Ang mga kasapi ng pamilya ay maaaring lumuhod o tumindig sa buoong panalanging pangkalahatan.

Isang kasapi ng pamilya:

1. **Idalangin natin, mga mahal kong kapatid,**
**ang banal na Sambayanan ng Diyos sa buong daigdig.**
**Upang pagkalooban ng kapayapaan at pagkupkop,**
**pagkakaisa at pagtataguyod**
**ang mga kaanib nito sa sansinukob**
**at upang tayo'y bigyan ng pamumuhay na matiwasay**
**para tayo'y makasamba sa Diyos Ama nating makapangyarihan.**

Tahimik na panalangin.

Puno ng sambahayan:

**Ama naming Makapangyarihan,**
**sa katauhan ng Anak mong si Kristo**
**ipinahayag mo ang iyong kadakilaan sa lahat ng mga tao.**
**Lingapin mong ang iyong mga ginagawa dahil sa pag-ibig**
**upang ang iyong Sambayanang laganap sa buong daigdig**
**ay mamalaging matatag sa pananampalatayang iyong bigay**
**para sambahin ang banal mong ngalan**
**sa pamamagitan ni Hesukristo**
**kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

Isang kasapi ng pamilya:

2. **Idalangin natin ang ating Banal na Papa na si Francisco,
na hinirang ng Diyos sa hanay ng mga tagapangasiwa
upang kanyang bigyan ng kalusugan at mahabang buhay
para sa kapakanan ng kanyang banal na Sambayanang
ipinagkatiwala para paglingkuran.**

Tahimik na panalangin.

Puno ng sambahayan:

**Ama naming makapangyarihan,
sa iyong kapasyahan umiiral ang sanlibutan.
Paunlakan mo ang aming kahilingan
na iyong lingapin si Papa Francisco na iyong hinirang
para kami pangasiwaan
upang ang Sambayanang Kristiyano na iyong pinamumunuan
ay mapamahalaan niya nang may kaunlaran
sa pananampalataya at gawang kabutihang iyong inaasahan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

Isang kasapi ng pamilya:

3. **Idalangin din natin si Broderick na ating Tagapangasiwa,
gayun din ang lahat ng mga Obispo, mga pari, at mga diyakono
at ang tanang kabilang sa Sambayanang Kristiyano.**

Tahimik na panalangin.

Puno ng sambahayan:

**Ama naming makapangyarihan,
ang iyong Espiritu ay nagpapabanal
at nagtataguyod sa buong Simbahan.
Dinggin mo ang aming pagluhog
para sa iyong mga tagapaglingkod
upang mapaglingkuran kang matapat
sa tulong ng iyong kagandahang-loob
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

Isang kasapi ng pamilya:

4. **Idalangin din natin ang mga inihahandang tao sa pagbibinyag**
**upang ang kanilang kalooban ay makatugon sa pagtawag**
**ng Diyos Ama nating makapangyarihan**
**para sa tubig ng binyag sila’y muling maisilang**
**sa ikapagpapatawad ng lahat ng kasalanan**
**at sa ikapagkakamit ng pakikisalo kay Hesus na Poong mahal.**

Tahimik na panalangin.

Puno ng sambahayan:

**Ama naming makapangyarihan.**
**lagi mong pinauunlad ang Sambayanan**
**sa pagkakaroon ng karagdagang kabilang.**
**Sa pananampalataya at pagkaunawa**
**ay magkaroon nawa ng pag-unlad**
**ang (aming) mga inihahanda sa pagbibinyag**
**upang sa muli nilang pagsilang bilang binyagan**
**siIa’y mapabilang sa mga kaanib ng iyong angkan**
**sa pamamagitan ni Hesukristo**
**kasama ng Espiritu Santo**
**magpasawalang hanggan.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

Isang kasapi ng pamilya:

5. **Idalangin din natin ang lahat ng ating mga kapatid**
**na pawang kay Hesukristo nananalig**
**upang marapatin ng Diyos Ama nating makapangyarihan**
**na sila'y tipunin at lingapin sa iisa niyang Sambayanan.**

Tahimik na panalangin.

Puno ng sambahayan:

**Ama naming makapangyarihan,**
**tinitipon mo ang mga nawalay**
**at tinatangkilik mo ang mga nagkakatipon sa iyong Sambayanan.**
**Lingapin mo ang mga kabilang sa kawan ng iyong Anak**
**na sa iyo itinalaga sa buklod ng iisang binyag**
**upang sila'y magkabuklod sa buong pananalig**
**at sila'y magkapisan sa buklod ng pag-ibig**
**sa pamamagitan ni Hesukristo**
**kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

Isang kasapi ng pamilya:

6. **Idalangin din natin ang mga Judio**
**na unang pinagpahayagan ng Diyos na totoo**
**upang ipagkaloob niyang sa pag-ibig sa kanyang ngalan**
**sila ay umunlad sa pagiging matapat sa kanyang tipan.**

Tahimik na panalangin.

Puno ng sambahayan:

**Ama naming makapangyarihan,**
**pinangangatawanan mo ang iyong mga pangako kay Abraham**
**at sa tanang sa kanya ay sumilang.**
**Dinggin mo ang pagluhog ng iyong Sambayanan**
**upang ang mga tao na iyong unang hinirang**
**ay pagindapating sumapit sa kaganapan ng kaligtasan**
**sa pamamagitan ni Hesukristo**
**kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

Isang kasapi ng pamilya:

7. **Idalangin din natin ang tanang hindi pa sumasampalataya kay Kristo**
**upang tahakin nila ang landas ng kaligtasan**
**na nililiwanagan ng Espiritu Santo.**

Tahimik na panalangin.

Puno ng sambahayan:

**Ama naming makapangyarihan,**
**gawin mong ang mga hindi pa nananalig sa iyong Anak**
**ay makatuklas sa katotohanan sa pamumuhay nilang wagas**
**at kaming sa pag-ibig mo ay laging umuunlad**
**sa pagmamalasakit sa tanang sa iyo'y humahanap**
**ay maging mga saksing mapapaniwalaan**
**ng iyong dakilang pag-ibig sa sanlibutan**
**sa pamamagitan ni Hesukristo**
**kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

Isang kasapi ng pamilya:

8. **Idalangin din natin ang mga hindi pa sumasampalataya sa Diyos
upang pagindapating sa kanya’y makadulog
sa paniniwalang wagas na kanilang sinusunod.**

Tahimik na panalangin.

Puno ng sambahayan:

**Ama naming makapangyarihan,
niIikha mo ang lahat ng mga tao
upang lagi kang hanapin
at pag natagpuan ka’y masiyahang walang maliw.
Ipagkaloob mong kahit may mga di kanais-nais na balakid
mabanaagan pa rin ng tanan ang mga pahiwatig ng iyong pag-ibig
at matanggap nito ang mga gawang kabutihan
ng mga sumasampalataya bilang kaakit-akit na katibayan
na ikaw ang Diyos na totoo at Amang aming pinanggalingan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

Isang kasapi ng pamilya:

9. **Idalangin natin ang mga may tungkuling maglingkod sa bayan
at umuugit sa ating pamahalaan
Upang ang kalooban nila ay itaguyod ng Amang Maykapal
alinsunod sa kanyang kinalulugdan
sa ikapagkakamit ng kapayapaan at kalayaan ng tanan.**

Tahimik na panalangin.

Puno ng sambahayan:

**Ama naming makapangyarihan,
nasa iyong kamay ang adhika at karapatan ng tanan.
Tunghayan mo ang mga umuugit sa aming pamahalaan
upang sumagana ang tanan sa sanlibutan
sa ikapagkakamit ng kapayapaan
at ikapapanatili ng kalayaan
na ikaw ay sambahin
alinsunod sa iyong loobin
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

Isang kasapi ng pamilya:

10. **Idalangin natin, mga kapatid, sa Ama nating makapangyarihan**
**na ang sanlibutan ay maibsan ng tanang katiwalian,**
**ang mga karamdaman ay malunasan,**
**ang kagutuman ay maparam,**
**ang mga nasa piitan ay lumayang tuluyan,**
**ang mga naaapi ay mahango sa kawalang-katarungan,**
**ang mga naglalakbay ay maluwalhating sumapit sa paroroonan,**
**ang mga nasa ibang bansa ay makauwi sa kanilang bayan,**
**ang mga maysakit ay magkamit ng kagalingan**
**at ang mga nag-aagaw-buhay ay matiwasay na mahimlay.**

Tahimik na panalangin.

Puno ng sambahayan:

**Ama naming makapangyarihan,**
**binubuhayan mo ng loob ang mga nasa kapighatian,**
**pinatatatag mo ang mga may mabigat na pinapasan.**
**Paunlakan mo ang mga kahilingan**
**ng mga dumaraing dahil sa maraming mga pinagtitiisan**
**upang bawa't nasa kagipitan**
**ay magkamit ng kasiyahang madama ang iyong pagmamahal**
**sa pamamagitan ni Hesukristo**
**kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

Isang kasapi ng pamilya:

11. **Manalangin tayo mga minamahal, para sa dagliang pagsugpo sa salot na coronavirus pandemic na nakapipinsala sa buong daigdig, upang ang Diyos na ating Ama ay pagalingin ang mga may karamdaman, patatagin ang mga kumakalinga sa kanila at tulungan tayong lahat na maging matatag sa pananampalataya.**

Tahimik na panalangin.

Puno ng sambahayan:

**Makapangyarihan at maawaing Ama,**
**pinagmumulan ng lahat ng buhay, kalusugan at kagalingan,**
**tunghayan Mo nang may habag ang sandaigdigan,**
**na ginugupo ng karamdaman,**
**ipagsanggalang mo kami sa gitna ng matinding pagsubok**
**na aming kinakaharap**
**at sa iyong maka-Amang pagkalinga**
**bigyan Mo ng kagalingan ang may karamdaman**
**palakasin Mo ang mga kumakalinga sa kanila,**
**at gawaran Mo ng kaganapan ang aming pagsisikap**
**na masugpo ang salot na ito.**
**Sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

## PAGPAPARANGAL SA KRUS

Ang puno ng sambahayan ay itataas ang krus at aawitin ang paanyaya:

**Sa kahoy ng krus na banal.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

**Purihin at ipagdangal.**

Matapos ang bawat tugon, ang mga kasapi ng pamilya ay luluhod at tahimik na mananalangin, Ang bawat kasapi ng pamilya ay isa-isang lalapit sa krus at magbibigay-galang sa pamamagitan ng simpleng pagluhod o kaya iba pang angkop ng pagbibigay-galang tulad ng paghalik. Habang isinasagawa ang pagpaparangal sa krus, maaring kumanta ng naangkop na awit.

## AMA NAMIN

Pangungunahan ng puno ng sambahayan ang Ama Namin.

Puno ng sambahayan:

**Hilingin natin sa ating Ama**
**na patawarin niya tayo**
**sa ating mga kasalanan**
**at tulungan niya tayong magpatawad**
**sa mga nagkasala sa atin.**

Ama namin, sumasalangit ka.
Sambahin ang ngalan mo.
Mapasaamin ang kaharian mo.
Sundin ang loob mo
dito sa lupa para nang sa langit.
Bigyan mo kami ngayon
ng aming kakanin sa araw-araw.
At patawarin mo kami sa aming mga sala
para nang pagpapatawad namin
sa nagkakasala sa amin.
At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso.
At iadya mo kami sa lahat ng masama.

Matapos ang Ama Namin, aanyayahan ng puno ng sambahayan ang lahat na magbatian ng kapayapaan sa isa't isa.

## ESPIRITUWAL NA PAKIKINABANG

Aanyayahan ng puno ng sambahayan ang lahat:

**Mga kapatid,**
**halina't naisin nating tanggapin ang Panginoon**
**sa pamamaraang espirituwal**
**habang tayo'y nakikiisa**
**sa kanyang pagpapakasakit at kamatayan**
**patungo sa kaluwalhatian ng kanyang muling pagkabuhay.**

Sasabay ang mga kasapi ng pamilya sa pananalangin.

**Aking Hesus, nananalig akong ikaw**
**ay nananahan sa Pinakabanal na Sakramento.**
**Mahal kita nang higit sa lahat ng bagay,**
**at nais kong tanggapin ka sa aking kaluluwa.**
**Subalit sa sandaling ito ikaw ay hindi ko**
**matatanggap sa Banal na Komunyon.**
**Nawa'y tanggapin kita nang espirituwal**
**sa aking pagnanais na ito at pumasok ka sa aking puso.**
**Niyayakap kita na parang naririto ka na sa akin,**
**at pinagkakaisa ko ang aking sarili sa iyo.**
**Huwag mong hayaang ako ay mawalay sa iyo.**
**Amen.**

Matapos ang panalangin ng Espirituwal na Pakikinabang, tatayo ang lahat ng kasapi ng pamilya. Pamumunuan ng puno ng sambahayan ang sumusunod na panalangin.

**Manalangin Tayo.**

**Diyos na makapangyarihan at walang hanggan**
**pinanumbalik mo ang aming buhay**
**sa pamamagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Kristo.**
**Panatilihin mo sa amin ang mga gawa ng iyong awa**
**upang sa aming pakikiisa sa hiwaga ng misteryo**
**ng pagpapakasakit at muling pagkabuhay**
**kami'y hindi magmaliw sa tapat sa paglilingkod sa iyo.**
**Hinihiling namin ito**
**sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.**

# ANG MAGDAMAGANG PAGDIRIWANG SA PASKO NG MULING PAGKABUHAY

Alinsunod sa pinakamatandang pamana, ang gabing ito ay nakatalaga sa pag-alala sa Panginoon (Exodo 12, 42). Sa Mabuting Balita ayon kay San Lucas (12,35 at sumusunod), may paggunita sa mga tagasunod ng Panginoon upang sila'y maghintay habang tangan ang ilawang may sindi, katulad ng mga katiwalang naghihintay para sa pagbabalik ng kanilang Panginoon nang sa gayo'y kapag dumating siya'y madatnan niya silang handa at nagbabantay at sila'y kanyang padudulugin sa kanyang hapag.

Ang Magdamagang Pagdiriwang na ito ay nahahati sa apat na yugto:

a. Pagkaraan ng maiklingpagpaparangal sa ilaw,

b. Ang Simbahan ay nagsasaloob sa lahat ng mga kahanga-hangang ginawa ng Diyos para sa kapakanan ng kanyang sambayanan sa mula't mula pa; ito ang pagpapahayag ng Salita ng Diyos.

c. Habang papalapit ang araw ng muling pagkabuhay, ang mga bagong kaanib ng Simbahan ay muling isinisilang sa pamamagitan ng binyag,

d. Espitiruwal na Pakikinabang habang ang buong Simbahan ay tinatawag na makiisa sa kanya patungo kay Kristong muling nabuhay at

e. Ang buong Simbahan ay inaanyayahang dumulog sa piging na inihanda ng Panginoon para sa kanyang bayan bilang pakikinabang sa kanyang pagkamatay at muling pagkabuhay.

Ang kabuuan ng Magdamagang Pagdiriwang ng Muling Pagkabuhay ay gaganapin kapag madilim na ang paligid. Ito'y hindi dapat simulan bago magtakip-silim, dapat itong magwakas bago magbukang-liwayway ang araw ng Linggo.

## PAGHAHANDA SA ILAW

Papatayin ang sindi ng lahat ng ilaw sa tahanan. Maaring maghanda ng maliit na siga sa labas ng tahanan. Maghahanda ang pamilya ng isang kandila na magsisilbing Kandilang Pampaskwa ng Pamilya.

Magbibigay ang puno ng sambahayan ng maikling paliwanag tungkol sa magdamagang pagdiriwang ng Pasko ng Muling Pagkabuhay sa ganitong paraan:

**Mga kapatid,**
**sa kabanal-banalang gabing ito**
**na pinangyayarihan ng pagtawid ng ating Panginoong Hesukristo**
**mula sa pagkamatay patungo sa pagkabuhay**
**ang Sambayanan niya ay nag-aanyaya**
**sa lahat ng mga anak na nasa iba't ibang panig ng daigdig**
**upang magtipun-tipon sa pagganap ng magdamagang pagdiriwang.**
**Sa pagganap natin sa alaala ng Pasko ng Panginoong nagtagumpay**
**sa pakikinig ng Salita at paghahain ng kanyang buhay**
**maaasahan nating tayo'y makakapakinabang**
**sa kanyang pananaig sa kamatayan**
**at pamumuhay sa piling niya at ng Amang Maykapal.**

**Manalangin tayo.**

Tahimik na mananalangin nang saglit.

**Ama naming makapangyarihan,**
**sa pamamagitan ng iyong Anak kami'y iyong dinulutan**
**ng ningas ng iyong kaliwanagan.**
**Ang bagong ningas na ito ay iyong gawing banal +**
**at ipagkaloob mong kami'y pagningasin nitong aming pagdiriwang**
**upang makasapit kaming may dalisay na kalooban**
**sa walang maliw na kaliwanagan**
**sa pamamagitan ni Hesukristo**
**kasama ng Espiritu Santo**
**magpasawalang hanggan.**

Sisindihan ng puno ng sambahayan ang Kandila ng Muling Pagkabuhay mula sa siga habang sinasambit:

**Ang liwanag nawa ni Kristo**
**na nagbubukangliwayway nang may kadakilaan**
**ang pumawi sa kadiliman ng ating puso at isipan.**

Matapos ito, itataas ng puno ng sambahayan ang Kandila ng Muling Pagkabuhay at sasabihin:

**Si Kristo ang ating ilaw.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Salamat sa Diyos.

Sisindihan ng bawat kasapi ng pamilya ang kanilang kandila mula sa Kandila ng Muling Pagkabuhay.

Isa sa kasapi ng pamilya ang aawit o bibigkasin nang taimtim ang Pagpapahayag ng Muling Pagkabuhay (Exsultet) habang hawak-hawak ng buong pamilya ang kanilang sinindihang kandila.

## PAGPAPAHAYAG NA NGAYO'Y PASKO NG PAGKABUHAY

**Magalak ngayo't magdiwang,**
**mga anghel na kinapal,**
**lahat tayo'y mag-awitan:**
**Si Hesukristo'y nabuhay**
**S'ya'y ating kaliwanagan.**

**Tambuli ng kaligtasan**
**maghudyat ng kagalakan**
**magsaya ang sanlibutan.**
**Si Hesukristo'y nabuhay**
**S'ya'y ating kaliwanagan.**

Hinirang na sambayanan
bumubuo ng Simbahan
magsaya sa kaningningan.
Si Hesukristo'y nabuhay
S'ya'y ating kaliwanagan.

Ang puso nati't isipan
itaas sa kalangitan
ang Ama'y pasalamatan.
Si Hesukristo'y nabuhay
S'ya'y ating kaliwanagan.

Ngayon nga ang kapistahan
ng Panginoong namatay
ukol sa 'ting kalayaan.
Si Hesukristo'y nabuhay
S'ya'y ating kaliwanagan.

Ngayon nga ang pagdiriwang
ng muli nating pagsilang
sa tubig ng kaligtasan.
Si Hesukristo'y nabuhay
S'ya'y ating kaliwanagan.

D'yos Ama ng sanlibutan,
pag-ibig mo't katapatan
patawad sa ami'y bigay.
Si Hesukristo'y nabuhay
S'ya'y ating kaliwanagan.

Hain namin itong ilaw
sagisag ng matagumpay
na Anak mong minamahal.
Si Hesukristo'y nabuhay
S'ya'y ating kaliwanagan.

Matapos ang Pagpapahayag ng Muling Pagkabuhay, itatabi muna ang mga kandila.

# PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Bago ang mga pagbasa, ipapaliwanag ng puno ng sambahayan ang Pagpapahayag ng Salita ng Diyos sa ganitong mga pangungusap:

**Mga kapatid,**
**ngayong nasimulan na natin**
**ang Magdamagang Pagdiriwang ng Muling Pagkabuhay,**
**makinig tayong mabuti sa Salita ng Diyos,**
**isaloob natin kung paano niyang ginaganap**
**sa iba't ibang yugto ng kasaysayan**
**ang pagliligtas niya sa mga hinirang na tao.**
**Noon ngang sumapit ang itinakda niyang panahon,**
**ang kanyang sariling Anak ang kanyang sinugo**
**upang maging ating Tagapagligtas.**
**Hilingin natin sa Diyos**
**ang kaganapan ng kaligtasan**
**na nangyayari ngayon**
**sa pagdiriwang ng Pasko ng pagtubos sa tanan.**

## PAGBASA

Exodo 14:15-31—5:1

**Pagbasa mula sa aklat ng Exodo**

**Noong mga araw na iyon:**
**Sinabi ng Panginoon kay Moises, "Bakit mo ako tinatawag?**
**Palakarin mo ang mga Israelita.**
**Itapat mo sa ibabaw ng dagat ang iyong tungkod;**
**mahahati ang tubig at matutuyo ang lalakaran ninyo.**
**Lalo kong pagmamatigasin ang mga Egipcio**
**at pasusundan ko kayo sa kanila,**
**ngunit doon ko sila lilipulin:**
**ang mga Egipcio, ang mga kawal ng Faraon,**
**pati ang kanilang mga karwahe.**
**Ipakikita ko sa kanila ang aking kapangyarihan.**
**Sa gayon, malalaman ng mga Egipciong iyan na ako ang Panginoon."**

Ang anghel ng Diyos ng pumapatnubay
sa paglalakbay ng mga Israelita ay nagpatihuli sa kanila,
gayon din ang haliging ulap.
Ang ulap ay lumagay sa pagitan ng mga Israelita at ng mga Egipcio
at lumatag ang kadiliman.
Dumating ang gabi at ang mga Egipcio
ay di makalapit sa mga Israelita.

Itinapat ni Moises ang kanyang tungkod sa ibabaw ng dagat.
Magdamag na pinaihip ng Panginoon ang isang malakas na hangin
mula sa silangan at nahati ang tubig.
Ang mga Israelita'y bumagtas sa dagat
na ang nilakara'y tuyong lupa,
sa pagitan ng animo'y pader na tubig.
Hinabol sila ng mga Egipcio, ng mga kawal,
karwahe at kabayuhan ng Faraon.
Nang magbubukang-liwayway na,
ang mga Egipcio'y ginulo ng Panginoon
mula sa haliging apoy at ulap.
Nalubog ang gulong ng mga karwahe
at hindi na sila makatugis nang matulin.
Kaya sinabi nila, "Umalis na tayo rito
sapagkat ang Panginoon na ang kalaban natin."

Sinabi ng Panginoon kay Moises,
"Itapat mo ang iyong tungkod sa ibabaw ng dagat
at tatabunan ng tubig ang mga Egipcio pati ng kanilang karwahe."
Ganoon nga ang ginawa ni Moises, at pagbubukang-liwayway,
nanumbalik sa dati ang dagat.
Ang mga Egipcio'y nagsikap makatakas ngunit pinalakas ng
Panginoon ang dating ng tubig kaya't sila'y nalunod na lahat.
Nang manauli ang dagat,
natabunan ang mga karwahe't kabayo ng Faraon,
pati ng kanyang mga kawal at walang natira isa man.
Ngunit ang mga Israelita'y nakatawid sa dagat,
na tuyo ang dinaanan, sa pagitan ng animo'y pader na tubig.

**Nang araw na yaon**
**ang mga Israelita'y iniligtas ng Panginoon sa mga Egipcio;**
**nakita nila ang bangkay ng mga Egipcio, nagkalat sa baybay-dagat.**
**Dahil sa kapangyarihang ipinakita ng Panginoon**
**laban sa mga taga-Egipcio,**
**nagkaroon sila ng takot sa kanya**
**at sumampalataya sila sa kanya at sa alagad niyang si Moises.**

**Ito ang inawit ni Moises at ng mga Israelita para sa Panginoon.**

**"Ang Panginoo'y atin ngayong awitan**
**Sa kanyang kinamtang Dakilang tagumpay;**
**Ang mga kabayo't kawal ng kaaway**
**Sa pusod ng dagat, lahat natabunan."**

Upang ipahiwatig ang katapusan ng pagbasa, ihahayag ng tagapaglahad:

**Ang Salita ng Diyos.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Salamat sa Diyos.

## SALMONG TUGUNAN

Exodo 15:1-2. 3-4. 5-6. 17-18

T. Poon ay ating awitan
sa kinamtan n'yang tagumpay.

**Ang Panginoo'y atin ngayong awitan
sa kanyang kinamtang Dakilang tagumpay;
ang mga kabayo't kawal ng kaaway
sa pusod ng dagat, lahat natabunan.
Ako'y pinalakas niya't pinatatag,
siya ang sa aki'y nagkupkop, nag-ingat,
Diyos ng magulang ko, aking manliligtas.**

T. Poon ay ating awitan
sa kinamtan n'yang tagumpay.

**Siya'y mandirigma na walang kapantay,
Panginoo'y kanyang pangalan.
Nang ang mga kawal ng Faroan
sa Dagat ng mga Tambo ay mangagsilusong,
ang lahat ng ito ay kanyang nilunod
pati na sasakya'y kanyang pinalubog.**

T. Poon ay ating awitan
sa kinamtan n'yang tagumpay.

**Sila'y natabunan ng alon sa dagat,
tulad nila'y batong lumubog kaagad.
Ang mga bisig mo ay walang katulad,
wala ngang katulad, walang kasinlakas,
sa isang hampas mo, kaaway nangalat,
nangadurgo mandin sa 'yong mga palad.**

T. Poon ay ating awitan
sa kinamtan n'yang tagumpay.

## PANALANGIN

Puno ng sambahayan:

**Ama naming makapangyarihan,**
**ang idinudulot mong pagpapalaya noon ay sa iyong sambayanan**
**mula sa pang-aapi ng haring sa kanila'y nagpapatay**
**ay nababanaagan namin kahit sa aming kapanahunan**
**sa inyong pagliligtas na iyong ginaganap sa muling pagsilang**
**ng mga bininyagang mula sa iba't ibang bansa at bayan.**
**Ipagkaloob mong ang pagiging anak ni Abraham**
**at ang dangal na sa Israel mapabilang**
**ay maging lubos na kapalaran ng sanlibutan**
**sa pamamagitan ni Hesukristo**
**kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

Matapos ang pagbasa mula sa Aklat ng Exodo at ang karugtong na Salmo at panalangin, sisindihan ang mga kandila sa inihandang altar. Pangungunahan ng puno ng sambahayan ang pag-awit o pagdarasal ng Papuri sa Diyos habang pinapatunog ang mga kuliling.

Papuri sa Diyos sa kaitaasan
at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya.
Pinupuri ka namin,
dinarangal ka namin,
sinasamba ka namin,
ipinagbubunyi ka namin,
pinasasalamatan ka namin,
dahil sa dakila mong angking kapurihan.
Panginoong Diyos, Hari ng langit,
Diyos, Amang makapangyarihan sa lahat.
Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak,
Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama.

Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
maawa ka sa amin.
Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
tanggapin mo ang aming kahilingan.
Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama,
maawa ka sa amin.
Sapagka't ikaw lamang ang banal,
ikaw lamang ang Panginoon,
ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan,
kasama ng Espiritu Santo
sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Matapos ang Papuri sa Diyos, darasalin ng puno ng sambahayan ang sumusunod na panalangin:

**Manalangin tayo.**

Tahimik na mananalangin nang saglit.

**Ama naming makapangyarihan,
ang kabanal-banalang gabing ito
ay pinagliliwanag mo
sa kadakilaan ng pagkabuhay ni Kristo.
Antigin mo ang Espiritu ng pagkupkop mo
upang sa pagbabago ng aming buong pagkatao
kami'y wagas na makapaglingkod sa iyo
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

## SALMONG TUGUNAN

Salmo 117:1-2. 16-17. 22-23

T. Aleluya! Aleluya! Aleluya!

**O pasalamatan
ang D'yos na Panginoon, pagkat siya'y mabuti;
ang kanyang pag-ibig
ay napakatatag at mananatili.
Ang taga-Israel,
bayaang sabihi't kanilang ihayag,
"Ang pag-ibig ng Diyos, ay hindi kukupas."**

T. Aleluya! Aleluya! Aleluya!

**Ang lakas ng Poon,
ang siyang nagdulot ng ating tagumpay
sa pakikibaka sa ating kaaway.
Aking sinasabing
di ako papanaw, mabubuhay ako
upang isalaysay
ang gawa ng Diyos na Panginoon ko.**

T. Aleluya! Aleluya! Aleluya!

**Ang batong natakwil
ng nangagtatayo ng tirahang-bahay,
sa lahat ng bato'y higit na mahusay.
Ang lahat ng ito
ang nagpamalas ay ang Panginoong Diyos.
kung iyong mamasdan ay kalugud-lugod.**

T. Aleluya! Aleluya! Aleluya!

## MABUTING BALITA

Mateo 28:1-10

**Mga kapatid halina't pakinggan**
**ang pagbasa ng Mabuting Balita ayon kay San Mateo**

**Makaraan ang Araw ng Pamamahinga,**
**pagbubukang liwayway ng unang araw ng sanlinggo,**
**pumunta sa lubingan ni Hesus si maria Magdalena**
**at ang isa pang Maria.**
**Biglang lumindol nang malakas.**
**Bumaba mula sa langit ang isang anghel ng Panginoon,**
**iginulong ang batong nakatakip sa libingan,**
**at naupo sa ibabaw niyon.**
**Ang kanyang mukha ay nakasisilaw na parang kidlat**
**at kasimputi ng busilak ang kanyang damit.**
**Nanginig sa takot ang mga bantay**
**at nabulagtang animo'y patay nang makita ang anghel.**

**Ngunit sinabi nito sa mga babae,**
**"Huwag kayong matakot;**
**alam kong hinahanap ninyo si Hesus na ipinako sa krus.**
**Wala na siya rito, sapagkat siya'y muling nabuhay**
**tulad ng kanyang sinabi.**
**Halikayo, tingnan ninyo ang pinaglagyan sa kanya.**
**Lumakad na kayo at ibalita sa kanyang mga alagad**
**na siya'y muling nabuhay at mauuna sa Galilea.**
**Makikita ninyo siya roon!**
**Tandaan ninyo ang sinabi ko sa inyo."**
**At dali-dali silang umalis ng libingan.**
**Pinagharian sila ng magkahalong takot at galak.**
**At patakbong nagpunta sa mga alagad upang ibalita ang nangyari.**

**Ngunit sinalubong sila ni Hesus at binati.**
**At lumapit sila, niyakap ang kanyang paa at sinamba siya.**
**Sinabi sa kanila ni Hesus,**
**"Huwag kayong matakot!**
**Humayo kayo at sabihin sa mga kapatid ko**
**na pumunta sila sa Galilea at makikita nila ako roon!"**

Sa katapusan, ihahayag niya:

**Ang Mabuting Balita ng Panginoon.**

Magbubunyi ang lahat:

Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

## TAHIMIK NA PAGNINILAY

## PAGSARIWA SA PANGAKO SA PAGBIBINYAG

Tatayo ang lahat at hahawakan ang mga kandilang may sindi para sa pagsasariwa sa pangako sa binyag. Sasambitin ng puno ng sambahayan ang mga sususunod na pangungusap.

**Mga kapatid,**
**sa misteryo ng Pasko ng Pagkamatay at Pagkabuhay ni Kristo,**
**tayo'y nalibing kasama niya noong tayo'y binyagan**
**upang kasama rin niya tayo'y makabangon at makapagbagong-buhay.**
**Naganap na natin ang Apatnapung Araw na Paghahanda,**
**Kaya't sariwain natin ngayon ang ating pangako sa pagbibinyag.**
**Talikdan natin ang kasamaan at kasalanan.**
**Harapin natin ang matapat na paglilingkod sa Diyos**
**bilang mga maaasahang kaanib**
**ng kanyang banal na Simbahang Katolika.**
**Kung kayo'y makapangangakong tatalikod**
**sa lahat ng hadlang sa katuparan ng panukala ng Diyos**
**upang kayo'y makapamuhay**
**bilang matapat at maaasahang kaanib ng kanyang angkan,**
**pakisagot ninyo itong tatlong katanungan.**

**Si Satanas ay itinatakwil ba ninyo?**
T. Opo, itinatakwil namin.

**Ang mga gawain ni Satanas ay itinatakwil ba ninyo?**
T. Opo, itinatakwil namin.

**Ang mga pang-akit ni Satanas**
**upang sumuway ang tao sa Diyos**
**ay itinatakwil ba ninyo?**
T. Opo, itinatakwil namin.

Ipagpapatuloy niya:

**Ngayon nama'y ating harapin ang ating pananampalataya.**
**Kung kayo'y makapangangakong magsisikap mamuhay bilang mga ikinararangal na anak ng Diyos Ama,**
**kung tutularan ninyo siya sa kanyang kabutihan,**
**pagmamahal sa lahat, at pagmamalasakit**
**para sa pangkalahatang kapakanan,**
**pakisagot ninyo ang katanungang ito:**

**Sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat**
**at Lumikha ng langit at Iupa**
**kayo ba ay sumasampalataya?**
T. Opo, sumasampalataya kami.

**Kung kayo'y makapangangakong magsisikap mamuhay**
**bilang mga tunay na kapatid ng Panginoong Hesus,**
**kung gagawin ninyong simulain sa buhay**
**ang kanyang katwiran, katarungan, at paglilingkod sa lahat**
**alinsunod sa kanyang pagmamahal,**
**Pakisagot ninyo ang katanungang ito:**

**Sa iisang Anak ng Diyos, ang ating Panginoong Hesukristo,**
**na ipinanganak ni Santa Mariang Birhen,**
**ipinako sa krus, namatay, inilibing,**
**muling nabuhay at naluluklok sa kanan ng Ama**
**kayo ba ay sumasampalataya?**
T. Opo, sumasampalataya kami.

**Kung kayo'y makapangangakong susunod**
**sa patnubay ng Espiritu Santo**
**at kung sisikapin ninyong mapaunlad**
**ang kaloob niyang buhay at pagmamahal**
**upang maging mga maipagmamalaking**
**anak ng Diyos Ama at kapatid ng Panginoong Hesus,**
**pakisagot ninyo ang katanungang ito:**

**Sa Espiritu Santo, sa Banal na Simbahang Katolika,**
**sa kasamahan ng mga banal,**
**sa kapatawaran ng mga kasalanan,**
**sa muling pagkabuhay ng mga namatay,**
**at sa buhay na walang hanggan**
**kayo ba ay sumasampalataya?**
T. Opo, sumasampalataya kami.

Matapos ang pagsariwa ng mga pangako, bilang tanda ng binyag, laglagyan ng krus sa noo ang bawat kasapi ng pamilya.

# PANALANGING PANGKALAHATAN

Puno ng sambahayan:

**Taglay ang galak na dulot ng muling pagkabuhay ni Kristo,**
**manalangin tayo sa ating Amang nasa langit.**
**Sa pamamagitan ng binyag,**
**tayo ay kanyang inampon**
**bilang mga tunay niyang minamahal na anak.**
**Buong puso tayong manalangin:**

T. Ama ng muling nabuhay naming Panginoon, dinggin mo kami.

Isang kasapi ng pamilya:

**Nawa'y maipahayag ng Simbahan**
**ang pag-asa para sa sansinukob**
**habang hinihintay nito ang puspusang kaligtasan.**
Manalangin tayo.

T. Ama ng muling nabuhay naming Panginoon, dinggin mo kami.

**Nawa'y ang mga mananampalataya'y**
**talikdan ang mga maling gawain at pagkamakasarili**
**upang maging karapat-dapat sa bagong buhay**
**na ipinagkaloob ni Kristo.**
Manalangin tayo.

T. Ama ng muling nabuhay naming Panginoon, dinggin mo kami.

**Nawa'y makamit at maranasan**
**ng mga kapatid naming patuloy na inaalipin**
**ng kahirapan, kamangmangan, at imoralidad**
**ang ganap na kalayaan ng isang tunay na anak ng Diyos.**
Manalangin tayo.

T. Ama ng muling nabuhay naming Panginoon, dinggin mo kami.

**Nawa'y basbasan ng Diyos**
**ang lahat ng manggagawa na nagpapagod**
**para sa ikauunlad ng bansa**
**at basbasan nawa ng Diyos ang lahat ng kanilang pagsisikap**
**at iadya sa lahat ng kapahamakan**
Manalangin tayo.

T. Ama ng muling nabuhay naming Panginoon, dinggin mo kami.

**Nawa'y patuluyin ng Diyos**
**sa kaluwalhatian ng kanyang kaharian**
**ang mga mahal namin sa buhay na yumao na**
Manalangin tayo.

T. Ama ng muling nabuhay naming Panginoon, dinggin mo kami.

**Nawa magkaroon ng agarang lunas**
**sa coronavirus pandemic na nagpapahirap sa marami,**
**upang hilumin na ng Panginoon ang mga maysakit,**
**bigyan ng sapat na lakas ang mga kumakalinga sa kanila**
**at tulungan tayong magsumikap sa pananampalataya.**
Manalangin tayo.

T. Ama ng muling nabuhay naming Panginoon, dinggin mo kami.

Puno ng sambahayan:

**Ama naming makapangyarihan,**
**pakinggan mo ang pagsusumamo ng iyong mga anak.**
**Papanatilihin mo ang aming kababaang-loob**
**upang maging karapat-dapat kami sa kaligtasang kaloob ni Kristo.**
**Hinihiling namin ito**
**sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

## AMA NAMIN

Pangungunahan ng puno ng sambahayan ang Ama Namin.

Puno ng sambahayan:

**Hilingin natin sa ating Ama**
**na patawarin niya tayo**
**sa ating mga kasalanan**
**at tulungan niya tayong magpatawad**
**sa mga nagkasala sa atin.**

Ama namin, sumasalangit ka.
Sambahin ang ngalan mo.
Mapasaamin ang kaharian mo.
Sundin ang loob mo
dito sa lupa para nang sa langit.
Bigyan mo kami ngayon
ng aming kakanin sa araw-araw.
At patawarin mo kami sa aming mga sala
para nang pagpapatawad namin
sa nagkakasala sa amin.
At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso.
At iadya mo kami sa lahat ng masama.

Matapos ang Ama Namin, aanyayahan ng puno ng sambahayan ang lahat na magbatian ng kapayapaan sa isa't isa.

## ESPIRITUWAL NA PAKIKINABANG

Aanyayahan ng puno ng sambahayan ang lahat:

**Mga kapatid,**
**ipinagkatiwala sa atin**
**ang Banal na Eukaristiya**
**bilang sakramento ng pag-ibig,**
**tanda ng pagkakaisa, at dugo ng kawanggawa.**
**Halina't naisin nating tanggapin ang Panginoon**
**sa pamamaraang espirituwal.**

Sasabay ang mga kasapi ng pamilya sa pananalangin.

**Aking Hesus, nananalig akong ikaw**
**ay nananahan sa Pinakabanal na Sakramento.**
**Mahal kita nang higit sa lahat ng bagay,**
**at nais kong tanggapin ka sa aking kaluluwa.**
**Subalit sa sandaling ito ikaw ay hindi ko**
**matatanggap sa Banal na Komunyon.**
**Nawa'y tanggapin kita nang espirituwal**
**sa aking pagnanais na ito at pumasok ka sa aking puso.**
**Niyayakap kita na parang naririto ka na sa akin,**
**at pinagkakaisa ko ang aking sarili sa iyo.**
**Huwag mong hayaang ako ay mawalay sa iyo.**
**Amen.**

Matapos ang panalangin ng Espirituwal na pakikinabang, tatayo ang lahat. Sasambitin ng puno ng sambahayan ang sumusunod na panalangin.

**Manalangin Tayo.**

**Diyos na walang hanggan,**
**tunghayan mo ng iyong Simbahan**
**nang may 'di nagmamaliw na pagkalinga**
**upang kami na tumanggap ng bagong buhay**
**sa pamamagitan ng misteryo ng pagpapakasakit**
**at muling pagkabuhay ni Kristo**
**ay makasapit sa kadakilaan ng muling pagkabuhay.**
**Hinihiling namin ito**
**sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.**

Pagkatapos, sasambitin ng puno ng sambahayan sa lahat ng kasapi ng pamilya ang mga sumusunod:

**Mga minamahal na kapatid,**
**ngayong naipagdiwang na natin ang muling pagkabuhay**
**ng ating Panginoong Hesukristo**
**humayo tayo at ipahayag ang Mabuting Balitang ating napakinggan**
**at mamuhay nang naaayon sa biyaya**
**ng Sakramentong ating tinanggap.**

**At pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos,**
**Ama, at Anak, at Espiritu Santo.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamliya:

Amen.

Paalala ukol sa pagbabasbas ng iba't ibang mga bagay.

Kung nakaugalian, ang pagbabasbas ng mga pagkain at mga kagamitan sa kabuhayan ay pangungunahan ng puno ng sambahayan.

Maaaring magkaroon ng salu-salo ang pamilya (Easter meal).

# LINGGO NG PASKO NG MULING PAGKABUHAY

## PASIMULA

Maaaring umawit ng akmang awit para sa pagtitipon.

Matapos ang pag-awit, mag-aatanda ng krus ang bawat kasapi ng mag-anak. Sisimulan ng puno ng sambahayan ang pagdiriwang sa pamamagitan ng mga salitang ito:

**Mga kapatid,**
**si Hesukristo'y muling nabuhay, aleluya!**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Tunay Siyang muling nabuhay, aleluya!

Pinuno ng tahanan:

**Sa ating pagtitipon upang ipagdiwang**
**ang maluwalhating pagkabuhay na muli ng ating Panginoon,**
**kaisa ng Espiritu Santo,**
**atin ngayong papurihan ang Diyos sa kaitaasan,**
**at ang Kanyang Anak, ang ating Panginoong Hesukristo,**
**ang Kordero ng Diyos na pumawi sa ating mga kasalanan.**

Lahat ng kasapi ng pamilya:

Papuri sa Diyos sa kaitaasan
at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya.
Pinupuri ka namin,
dinarangal ka namin,
sinasamba ka namin,
ipinagbubunyi ka namin,
pinasasalamatan ka namin,
dahil sa dakila mong angking kapurihan.
Panginoong Diyos, Hari ng langit,
Diyos, Amang makapangyarihan sa lahat.
Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak,
Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama.
Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
maawa ka sa amin.
Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
tanggapin mo ang aming kahilingan.
Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama,
maawa ka sa amin.
Sapagka't ikaw lamang ang banal,
ikaw lamang ang Panginoon,
ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan,
kasama ng Espiritu Santo
sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

# PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Puno ng sambahayan:

**Mga kapatid,**
**tulad ng mga alagad na patungong Emaus,**
**pagningasin natin ang ating mga puso**
**habang tayo'y nakikinig sa Salita ng Diyos.**

## MABUTING BALITA

Juan 20:1-9

**Mga kapatid halina't pakinggan**
**ang pagbasa ng Mabuting Balita ayon kay San Mateo**

**Madilim-dilim pa nang araw ng Linggo,**
**naparoon na si Maria Magdalena sa libingan.**
**Naratnan niyang naalis na ang batong panakip sa pinto ng libingan.**
**Dahil dito, patakbo siyang pumunta kay Simon Pedro**
**at sa alagad na mahal ni Hesus, at sinabi sa kanila,**
**"Kinuha sa libingan ang Panginoon**
**at hindi namin alam kung saan dinala!"**
**Kaya't si Pedro at ang nasabing alagad ay nagpunta sa libingan.**
**Kapwa sila tumakbo ngunit si Pedro'y naunahan ng kasamang alagad.**
**Yumuko ito at sumilip sa loob.**
**Nakita niyang nakalagay ang mga kayong lino,**
**ngunit hindi siya pumasok.**
**Kasunod niyang dumating si Simon Pedro**
**at tuloy-tuloy itong pumasok sa libingan.**
**Nakita niya ang mga kayong lino,**
**at ang panyong ibinalot sa ulo.**
**Hindi ito kasama ng mga kayong lino,**
**kundi hiwalay na nakatiklop sa isang tabi.**
**Pumasok din ang alagad na naunang dumating;**
**nakita niya ito at siya'y naniwala.**
**Hindi pa nila nauunawaan ang nasasaad sa Kasulatan,**
**na kailangang muling mabuhay si Hesus.**

Sa katapusan, ihahayag niya:

**Ang Mabuting Balita ng Panginoon.**

Magbubunyi ang lahat:

Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

## TAHIMIK NA PAGNINILAY

## PAGSARIWA SA PANGAKO SA PAGBIBINYAG

Tatayo ang lahat at hahawakan ang mga kandilang may sindi para sa pagsasariwa sa pangako sa binyag. Sasambitin ng puno ng sambahayan ang mga salitang ito:

**Mga kapatid,**
**sa misteryo ng Pasko ng Pagkamatay at Pagkabuhay ni Kristo,**
**tayo'y nalibing kasama niya noong tayo'y binyagan**
**upang kasama rin niya tayo'y makabangon at makapagbagong-buhay.**
**Naganap na natin ang Apatnapung Araw na Paghahanda,**
**Kaya't sariwain natin ngayon ang ating pangako sa pagbibinyag.**
**Talikdan natin ang kasamaan at kasalanan.**
**Harapin natin ang matapat na paglilingkod sa Diyos**
**bilang mga maaasahang kaanib**
**ng kanyang banal na Simbahang Katolika.**
**Kung kayo'y makapangangakong tatalikod**
**sa lahat ng hadlang sa katuparan ng panukala ng Diyos**
**upang kayo'y makapamuhay**
**bilang matapat at maaasahang kaanib ng kanyang angkan,**
**pakisagot ninyo itong tatlong katanungan.**

**Si Satanas ay itinatakwil ba ninyo?**
T. Opo, itinatakwil namin.

**Ang mga gawain ni Satanas ay itinatakwil ba ninyo?**
T. Opo, itinatakwil namin.

**Ang mga pang-akit ni Satanas**
**upang sumuway ang tao sa Diyos**
**ay itinatakwil ba ninyo?**
T. Opo, itinatakwil namin.

Ipagpapatuloy niya:

**Ngayon nama'y ating harapin ang ating pananampalataya.**
**Kung kayo'y makapangangakong magsisikap mamuhay bilang mga**
**ikinararangal na anak ng Diyos Ama,**
**kung tutularan ninyo siya sa kanyang kabutihan,**
**pagmamahal sa lahat, at pagmamalasakit**
**para sa pangkalahatang kapakanan,**
**pakisagot ninyo ang katanungang ito:**

**Sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat**
**at Lumikha ng langit at Iupa**
**kayo ba ay sumasampalataya?**
T. Opo, sumasampalataya kami.

**Kung kayo'y makapangangakong magsisikap mamuhay**
**bilang mga tunay na kapatid ng Panginoong Hesus,**
**kung gagawin ninyong simulain sa buhay**
**ang kanyang katwiran, katarungan, at paglilingkod sa lahat**
**alinsunod sa kanyang pagmamahal,**
**Pakisagot ninyo ang katanungang ito:**

**Sa iisang Anak ng Diyos, ang ating Panginoong Hesukristo,**
**na ipinanganak ni Santa Mariang Birhen,**
**ipinako sa krus, namatay, inilibing,**
**muling nabuhay at naluluklok sa kanan ng Ama**
**kayo ba ay sumasampalataya?**
T. Opo, sumasampalataya kami.

**Kung kayo'y makapangangakong susunod**
**sa patnubay ng Espiritu Santo**
**at kung sisikapin ninyong mapaunlad**
**ang kaloob niyang buhay at pagmamahal**
**upang maging mga maipagmamalaking**
**anak ng Diyos Ama at kapatid ng Panginoong Hesus,**
**pakisagot ninyo ang katanungang ito:**

**Sa Espiritu Santo, sa Banal na Simbahang Katolika,**
**sa kasamahan ng mga banal,**
**sa kapatawaran ng mga kasalanan,**
**sa muling pagkabuhay ng mga namatay,**
**at sa buhay na walang hanggan**
**kayo ba ay sumasampalataya?**
T. Opo, sumasampalataya kami

Matapos ang pagsariwa ng mga pangako, bilang tanda ng binyag, laglagyan ng krus sa noo ang bawat kasapi ng pamilya.

## PANALANGING PANGKALAHATAN

Puno ng sambahayan:

**Sa bisa ng binyag,**
**tinanggap natin ang karangalan**
**bilang mga tunay na anak ng Diyos.**
**Kaya naman buong pagtitiwala tayong umasang**
**ipagkakaloob niya ang ating mga kahilingan.**
**Manalangin tayo:**

T. Amang mapagmahal, dinggin mo kami.

Isang kasapi ng pamilya:

**Nawa'y buong tapang na maihayag**
**ng Simbahang Katolika at ng mga pinuno nito**
**ang pagtatagumpay ni Kristo**
**sa mundong nababalot ng dusaat takot**
Manalangin tayo:

T. Amang mapagmahal, dinggin mo kami.

**Nawa'y ang mga namumuno sa aming bansa**
**ay isantabi ang mga pansariling adhikain**
**upang malaya silang makapaglingkod sa lahat.**
Manalangin tayo:

T. Amang mapagmahal, dinggin mo kami.

**Nawa'y pakinabangan ng mga dukha, may sakit,**
**may kapansanan, at mga nagdurusa**
**ang mga pagpapalang kaloob ng muling pagkabuhay ni Kristo**
**tungo sa mabuting pagbabago ng kanilang kalagayan.**
Manalangin tayo:

T. Amang mapagmahal, dinggin mo kami.

**Nawa'y magkaisa ang mga bansa**
**sa pagsusulong ng pandaigdigang kapayapaan,**
**pagsugpo sa kahirapan,**
**at pagtataguyod sa karalangan at karapatang pantao.**
Manalangin tayo:

T. Amang mapagmahal, dinggin mo kami.

**Nawa magkaroon ng agarang lunas**
**sa coronavirus pandemic na nagpapahirap sa marami,**
**upang hilumin na ng Panginoon ang mga maysakit,**
**bigyan ng sapat na lakas ang mga kumakalinga sa kanila**
**at tulungan tayong magsumikap sa pananampalataya.**
Manalangin tayo.

T. Amang mapagmahal, dinggin mo kami.

**Nawa'y ang mga yumao**
**ay tanggapin sa walang hanggang kaligayahan at kapayapaan**
**sa piling ng Diyos na may likha ng lahat ng bagay**
**sa bisa na rin ng tagumpay ni Kristo sa kamatayan.**
Manalangin tayo:

T. Amang mapagmahal, dinggin mo kami.

Puno ng sambahayan:

**Ama naming mapagmahal,**
**ibuhos mo sa amin ang masaganang bunga**
**ng pagtatagumpay ng iyong Anak sa kamatayan**
**na ngayon ay nabubuhay at naghaharing kasama mo**
**at ng Espiritu Santo, ngayon at magpakailanman.**

Tutugon ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

## AMA NAMIN

Pangungunahan ng puno ng sambahayan ang Ama Namin.

Puno ng sambahayan:

**Hilingin natin sa ating Ama**
**na patawarin niya tayo**
**sa ating mga kasalanan**
**at tulungan niya tayong magpatawad**
**sa mga nagkasala sa atin.**

Ama namin, sumasalangit ka.
Sambahin ang ngalan mo.
Mapasaamin ang kaharian mo.
Sundin ang loob mo
dito sa lupa para nang sa langit.
Bigyan mo kami ngayon
ng aming kakanin sa araw-araw.
At patawarin mo kami sa aming mga sala
para nang pagpapatawad namin
sa nagkakasala sa amin.
At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso.
At iadya mo kami sa lahat ng masama.

Matapos ang Ama Namin, aanyayahan ng puno ng sambahayan ang lahat na magbatian ng kapayapaan sa isa't isa.

# ESPIRITUWAL NA PAKIKINABANG

Aanyayahan ng puno ng sambahayan ang lahat:

**Mga kapatid,
ipinagkatiwala sa atin
ang Banal na Eukaristiya
bilang sakramento ng pag-ibig,
tanda ng pagkakaisa, at dugo ng pagkawanggawa.
Halina't naisin nating tanggapin ang Panginoon
sa pamamaraang espirituwal.**

Sasabay ang mga kasapi ng pamilya sa pananalangin.

**Aking Hesus, nananalig akong ikaw
ay nananahan sa Pinakabanal na Sakramento.
Mahal kita nang higit sa lahat ng bagay,
at nais kong tanggapin ka sa aking kaluluwa.
Subalit sa sandaling ito ikaw ay hindi ko
matatanggap sa Banal na Komunyon.
Nawa'y tanggapin kita nang espirituwal
sa aking pagnanais na ito at pumasok ka sa aking puso.
Niyayakap kita na parang naririto ka na sa akin,
at pinagkakaisa ko ang aking sarili sa iyo.
Huwag mong hayaang ako ay mawalay sa iyo.
Amen.**

Pagkatapos, sasambitin ng puno ng sambahayan sa lahat ng kasapi ng pamilya ang mga sumusunod:

**Diyos na walang hanggan,**
**tunghayan mo ang iyong simbahan**
**nang may ibayong pag-iingat,**
**upang kaming tumanggap ng bagong buhay**
**sa pamamagitan ng pagpapakasakit, pagkamatay**
**at muling pagkabuhay ni Kristo**
**ay makasapit sa kaluwalhatian ng kanyang muling pagkabuhay.**
**Hinihiling namin ito**
**sa pamamagitan ni Hesukristong aming Panginoon.**

Ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

## PANGWAKAS

Pagkatapos, sasambitin ng puno ng sambahayan sa lahat ng kasapi ng pamilya ang mga sumusunod:

**Mga kapatid,**
**ngayong naipagdiwang na natin**
**ang muling pagkabuhay ng ating Panginoong Hesukristo,**
**humayo tayo at ipahayag ang Salitang ating napakinggan,**
**at mamuhay nang naaayon sa diwa ng sakramentong ating tinanggap.**
**At nawa'y pagpalain tayo ng makapangyarihang Diyos,**
**Ama, at Anak, at Espiritu Santo.**

Ang lahat ng kasapi ng pamilya:

Amen.

Archdiocesan Liturgical Commission
Manila